

Paghahanda sa Nobyang Ikakasal

Paglalahad ng Layunin at Paniniwala
ng
Iglesya ng Dakilang DIYOS

(sinulat ni John W. Ritenbaugh)

-1993-

-Marso 2012-

Paglalahad ng Layunin

UNANG BAHAGI

>>Bilang mga tao, tayo ay may makapangyarihang gawi na magkategorya ng kapwa natin. Tayo ay nagtataguri sa iba upang maipaliwanag ang kanilang relasyon sa atin. Ang ganito ay hindi naman tunay na mali. Sa marahas na mundong ito, ang pagkategorya sa tao bilang kaibigan o kaaway ay pwedeng pagbatayan ng buhay o kamatayan!

>>Tayo ay natural na nagkategorya ng tao ayon sa kasarian, lahi, at wika. Ang isang tao ay hindi naman kiling o may di-matwid na palagay dahil ginagawa niya iyon, dahil ang taguri ay pwedeng ginagamit lang upang magpakilala. Tayo ay maaaring nakakakilala sa dalawang taong may parehong pangalan, subalit atin silang kinakategorya ayon sa lahi o etnikong kinabibilangan. Tayo ay nagkategorya ng tao ayon sa kanilang gawain, propesyon, taas, timbang, personalidad, antas sa lipunan, ayos, kakayahang atletika, moralidad, at siyempre, relihiyon. Ang listahan natin ng mga kategorya ay halos walang katapusan.

>>Lingid sa ating kamalayan, tayo ay laging nagkategorya sa iba. Sa pamamagitan ng prosesong ito, ating napapanatiling medyo organisado ang buhay. Kaya lang, ang ganito ay tila nakakasira dahil nagkakaroon tayo ng malakas na gawi na maghusga nang lahatan. Ating kinakategorya ang mga tao bilang mabuti o masama, kaibigan o kaaway, kumberted o di-kumberted dahil sila ay 'sukat' sa natatanging malawak na kategorya. Bagama't tila di-angkop, isang bahagi ng buhay na kung saan ang gawi o hilig nating ito ay mukhang napakalakas ay sa relihiyon.

Mga Pangkat-pangkat sa Iglesya

>>Ang mga grupo ng relihiyon ay palaging nagkakahati-hati. Karamihan ay dahil may isyu at ang mga tao ay may pinapanigan, at ang ganito ang humahati sa "mabubuti" at sa "masasama". At muli, hindi naman tunay na mali kung mangyari ang ganito. Si HESUKRISTO ay siguradong hindi mali nang itatag NIYA ang Iglesya ng DIYOS bilang isang hiwalay na organisasyon!

>>Subalit ang sa DIYOS na Iglesya mismo ay nahating muli't muli. Sa simula ay may isang Iglesya, isang organisasyon.

>>Ilan na ngayon? DIYOS lang ang nakakaalam kung

ilang organisasyon na nagsasabing sila'y Iglesya ng DIYOS ang talagang nandyan. Ang mga paghihiwa-hiwalay ay nangyari dahil na rin sa pagkawala ng kadalisan ng ating

pananampalataya, pag-ibig, at doktrina. Na siyang umiiral nang ang Iglesya ng DIYOS ay itatag. Ang mga ito ay hindi na muling makakamit maliban sa pagbabalik ni HESUKRISTO at sa pagtutuwid NIYA dito.

>>Malawakang pangyayari mula nang mamatay si Herbert W. Armstrong ang suriin bawa't doktrina, panuntunan --- sa katunayan, bawa't ginawa niya --- nang masusi at napakadetyado. Ang ganito ay hindi ginawa para matuklasan ang totoo (tulad ng mga *Bereans*, Mga Gawa 17:11), kundi upang maghanap ng mga kamalian o kamalian kuno. Ang resulta ay ang mabilis na pagtungo ng malaking bahagi ng Iglesya sa gawi ng mundo, at marami sa mga kaanib ng mga ito ang umalis upang magbuo ng bagong mga Iglesya.

>>Kahit sa loob ng mga bagong grupo, ang mga tao'y nagtutulak ng pagbabago ng doktrina, at pagtututol ang karamihan, nagaganap ang pamuling pagtalikod o paglisan. Nalimutan na, na ang DIYOS sa pamamagitan ni Mr. Armstrong ang nagdala sa atin ng "*trunk of the tree*" o katawan ng punongkahoy, "...na nakapagbibigay-talino sa iyo tungo sa kaligtasan" (II Timoteo 3:15). Ang DIYOS ay nagbababala sa pamamagitan ni apostol Pablo, "Tayo ay

magpatuloy na maging perpekto, hindi inilalatag na muli

ang pundasyon ng pagsisisi sa mga gawang nakamamatay at pananampalataya sa DIYOS" (Hebreo 6:1). Sa halip na lumingon sa nakaraan, tayo ay dapat tumingin sa hinaharap na pagpapatuloy ng pagyabong ng kaasalan.

Ano ang Dapat Nating Gawin?

>>Sapangkat narito na ang sitwasyong ito, anong pwede nating maging hakbangin? Ang ating dapat na maging hakbang ay ang tapat at mapakumbabang pagtanggap ng ating kawalan ng kadalisan. Ito'y makakatulong sa ating pagkakaroon ng higit na mapaubayang pakikipaglapit sa iba dahil tayo'y makakahatol na walang lisyang pagkukumpara.

>>Karaniwan sa mga relihiyoso ang magsikap na alamin agad hangga't maaari kung ano ang paniwala o anong klaseng gawain meron ang isang tao, kaagad itong kinakategorya nang madalian. Ngunit ang ganito ay maling pakikipaglapit. Mas mabuting alamin, "Kanino ka ba naniniwala?"

>>Si apostol Pedro ay may tapang na nagsabi sa mga pinuno ng relihiyon noong araw niya, “Walang kaligtasan kahit kaninong iba, dahil walang ibinigay na ibang pangalan sa ilalim ng kalangitan upang maligtas ang sangkatauhan” (Mga Gawa 4:2). Siya ay hindi nagsabing naliligtas tayo dahil bahagi tayo ng anumang organisasyon, o dahil intindi nating “tayo ay nagpoproklama ng ebanghelyo,” subalit sa ibang salita’y sinabi niyang “Alang-alang sa grasya o kagandahang-loob kayo ay naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya” (Mga Epeso 2:8). Ito ang dapat na pamantungan sa tunguhin at saloobin ng paggawa ng sa DIYOS na gawain.

>>Ang Iglesia ng DIYOS ay patuloy na naghihiwalay habang ang pinakamalaking sanga nito ay espiritwal na nanghihina. Marami, kasama ng mga ministro, ay naghanap ng bagong espiritwal na tahanan, hindi na kontentong manatili sa organisasyong sa pandama nila ay ibinabalik silang muli sa mundo. Ang ganito ay nagresulta sa pagkakatatag ng mga iba’t bagong organisasyong Iglesia. Lahat ng grupong ito ay nagtuturo ng parehong batayang doktrina, ng mga ibinigay ng DIYOS sa pamamagitan ni Herbert W. Armstrong.

>>Ano ngayon ang pinakamahasay na daang dapat nating tahakin? Tatlong elemento ang dapat na isaalang-alang:

1) Anong panuntunan ang dapat sundin na hindi tahasang makadaragdag sa paghihiwalay ng isang sanga ng Iglesia ng DIYOS?

2) Anong panuntunan ang dapat sundin na hindi magdadala sa atin sa pakikipagkumpitensya sa ibang mga kapatid para sa miyembrong halos ay pareho naman ang pinaniniwalaan?

3) Anong tahakin ang pinakaangkop sa panahon at nakatutupad sa pangunahing responsibilidad ng Iglesia?

>>Isang tungkulin lang ng Iglesia ang umaangkop sa lahat ng tatlong kategorya (ng panuntunan) sa ngayon: “pagpapakain sa kawan” o “*feeding the flock*”. Pagpapakain sa kawan ang laging unang tungkulin ng mga kaparian sa Iglesia ng Matandang Tipan, at ito’y patuloy bilang unang tungkulin ng ministri sa Iglesia ng Bagong Tipan.

>>Upang higit na maunawaan kung bakit ito ang pinakamahasay na tahakin sa pagkilos, dapat nating makita ang kasalukuyang sitwasyon sa Iglesia sa mas malaking konteksto kung paanong ang DIYOS ay nagsasagawa noong nakaraan. SIYA ay nagsasagawa ng parehong layunin noong una pa, at nagtala sa KANYANG Salita ng malinaw na katibayan ng KANYANG mga padron ng pagsasagawa para mabigyan tayo ng pag-asa at direksyon. Tayo’y mapapalagay ang loob dahil ang DIYOS ay hindi umiiba sa mga batayang padron, at sa pamamagitan ng ganito ay naihahayag NIYA ang maraming ukol sa KANYA sa KANYANG mga tao.

Sa Pasimula

>>Ang DIYOS ay nagsaad ng KANYANG layunin sa unang kabanata ng Bibliya: “At ang DIYOS ay nagsabi, ‘ATING likhaing kalarawan NATIN ang tao, ayon sa ATING anyo’” (Genesis 1:26). Sabihin pa, ang mortal na taong kinakatawan nina Adan at Eba ay mga luad na modelo lamang. Ang sa DIYOS na sukdulang layunin – likhaing kalarawan NIYA ang tao – ay dapat isagawa sa libu-libong mga taon sa buhay na indibidwal ng kanilang mga inapo.

>>Ang II Corinto 3:18 ay nagdaragdag: “Ngunit tayong lahat, na walang belo sa mukha, nakakakita sa kaluwalhatian ng DIYOS tila sa salamin, napagbabagong tulad sa anyong mula sa kaluwalhatian tungo sa kaluwalhatian, sa pamamagitan lang ng Espiritu ng DIYOS”. Nagagawa ito sa proseso ng kumbersyon, kailangan ng panahon, karanasang mamuhay sa pananampalataya, at ng marubdob na pakikiisa ng taong kumberted.

Ang Israel sa Parang

>>Nang akayin ng DIYOS sa pamamagitan ng ulap ang Israel, nagtakda SIYA ng malinaw na padron, na nagtuturo sa KANYANG mga tao sa lahat ng panahon. Nakatala sa Mga Bilang 9:15-23 ang ganito:

“At sa araw na ang tabernakulo ay itayo, ang ulap ay lumulukob sa tabernakulo, sa tolda ng Pagsaksi; mula gabi hanggang umaga ito’y nasa ibabaw ng tabernakulo na tila apoy. Kaya palaging ganito: ang ulap ay lumulukob pag araw, at tila apoy pagka gabi. Tuwing ang ulap ay umaalis sa pagkakalukob sa tabernakulo, karaka’y maglalakbay ang mga anak ni Israel; at sa pook na kung saan ang ulap ay mananatili, doon itatayo ng mga anak ni Israel ang kanilang mga tolda.

“At sa utos ng Panginoon ang mga anak ni Israel aynaglalakbay, at sa utos ng Panginoon sila’y humihimpil; habang ang ulap ay nananatili sa ibabaw ng tabernakulo sila’y nananatiling nakahimpil. Kahit matagal ang panananatili ng ulap, maraming araw sa ibabaw ng tabernakulo, ang mga anak ni Israel kaayon sa takda ng Panginoon ay hindi naglalakbay. Kaya pag ang ulap ay nasa ibabaw ng tabernakulo nang ilang araw: ayon sa utos ng Panginoon sila’y nananatiling nakahimpil, at ayon sa utos ng Panginoon sila’y naglalakbay.

“Kaya pag ang ulap ay nanatili lamang mula gabi hanggang umaga; pag umangat ang ulap sa umaga, sila’y naglalakbay; kahit araw o gabi, kung kailan umangat ang ulap, sila’y naglalakbay. Kahit dalawang araw, isang buwan, o isang taon na ang ulap ay nasa ibabaw ng tabernakulo, ang mga anak ni Israel ay nananatiling nakahimpil at hindi naglalakbay; subalit pag-angat noon, sila’y

naglalakbay. Ayon sa utos ng Panginoon, sila'y nananatiling nakahimpil; at ayon sa utos ng Panginoon, sila'y naglalakbay, kaayon sila sa takda ng Panginoon, sa utos ng Panginoon sa pamamagitan ng kamay ni Moises."

Maidaragdag natin dito ang nakatala sa Exodo 13:17-18:

"At nang magkagayon, noong ang Paraon ay magpahintulot na umalis ang mga tao, ang DIYOS ay hindi sila ginayahang papunta sa lupain ng mga Pilisteo, kahit iyon ay malapit; kasi, sabi ng DIYOS: "Baka ang mga tao ay magbago ng isip kung sila'y makakita ng digmaan, at magbalik sa Ehipto." Kaya giniyahan sila ng DIYOS nang paikot sa ilang sa bandang *Red Sea*."

Ang dalawang mga pagsasaad na ito'y nagpapatibay sa dalawang salik nang napakalinaw: (1) Ang DIYOS ay namumuno sa KANYANG gawa; ito'y kumikilos at humihinto ayon sa utos NIYA. (2) SIYA'y bihirang magpakilos dito sa diretsong linya, nang tuloy agad sa tunguhin. Sa katunayan, maraming mga eskripto ang nagpapakitang SIYA'y nagpapakilos sa KANYANG gawain sa direksiyong tila palayo sa tunguhin! Bakit? Sapagkat SIYA'y nagsasagawa ng KANYANG hangarin.

>>Alam ng DIYOS mag-aruga ng mga anak upang sila'y lumaki na KANYANG kasing-ano. Kung ang layunin lang NIYA ay iligtas ang Israel at dalhin sila sa lupain, idiniretso NIYA sana silang kaagad papunta sa Canaan. Ngunit kasama rin sa KANYANG layunin na mag-iwan sa susunod na mga henerasyon ng saksi na SIYA ay gumagawa ng banal, makatwiran at espiritwal na kaasalan sa pamamagitan ng pananampalataya. Ito'y nangangailangan ng panahon at karanasan na pamumuhay ng may pananampalataya.

>>Ang padron ng DIYOS sa Israel ay modelong masusunod para sa Iglesya ng Bagong Tipan. Ang buhay Kristiyano ay isang paglalakbay, isang proseso, may simula at may katapusan. Ang sa indibidwal o Iglesyang buhay ay hindi laging dumadaloy sa parehong direksyon. Manlilikha pa rin ang DIYOS, umaakay ng KANYANG Iglesya sa sari-saring karanasang nagagamit upang KANYANG matamo ang KANYANG layunin, ang paglikha ng makatwiran kaasalan (*righteous character*).

Iba Pang Panahon sa Matandang Tipan

>>Kahit na pahapyaw na pagbasa ng Matandang Tipan ay magpapakita ng mahabang panahon sa kasaysayan ng Israel nang ang DIYOS ay tila walang ginagawa, nang ang mga tao'y tila malayang gawin anuman nilang naisin. Ngunit ang ganito'y mapanganib na pag-aakala. Tahasang pinabulaanan ito ni HESUS sa Juan 5:17. "At sinagot sila ni

HESUS, 'Ang AMA ko ay patuloy na gumagawa hanggang ngayon, at ako'y gumagawa [palagi akong gumagawa]'".

>>Anong uri ng gawain ang KANYANG ginagawa? "Sapagkat DIYOS ang aking HARI noon pang una, gumagawa ng kaligtasan sa gitna ng daigdig." (Mga Awit 74:12). Ang DIYOS ay laging nagsasagawa ng KANYANG layunin, at ang layuning iyon ay laging pareho! KANYA lang piniling hindi itala ang nangyari sa mga patlang na iyon (ng kasaysayan ng Israel).

>>Gayunman, ang DIYOS paminsan-minsan ay nag-iiba ng paraan ng pakikitungo sa Israel. SIYA'y nagsagawa ng pagbabago sa pamahalaan: mula sa mga hukom ay naging mga hari sa ilalim ni haring Saul at sa huli'y mula sa lahi ni haring Saul ipinalit ang lahi ni haring David. DIYOS ang nagtatag sa kapariang Levitico, nagsugo ng mga propeta sa panahon ng pangangailangan. May panahong ang kaparian ay nagpatuloy na walang mga propeta. Sa ibang salita,

ang sa DIYOS na pakikitungo sa Israel ay hindi isinasagawa sa magkakatulad na paraan, bagama't kaalinsunod sa KANYANG pangkalahatang layunin.

Sa Bagong Tipan

>>Sa Mga Gawa 1:6, ang mga apostles ay nagtanong kay KRISTO kung kailan NIYA itatatag ang Kaharian:

"Samakatuwid, nang sila'y magkasama-sama, sila'y nagtanong sa KANYA at nagwika, 'IYO bang ipapanumbalik sa panahong ito PANGINOON ang Kaharian sa Israel?' At sinabi NIYA sa kanila, 'Ito'y hindi para sa inyo, na malaman ang panahon o kapanahunang inilaan ng AMA sa KANYANG awtoridad. Ngunit kayo'y tatanggap ng kapangyarihan kung kailan ang Banal na Espiritu ay sasainyo; at kayo'y AKING magiging mga saksi sa Jerusalem, sa Judea at Samaria, hangang sa dulo ng daigdig.'" (berso 7-8)

Kahit nagkaroon ng tatlo't kalahating taon ng matinding pagsasanay kasama ni HESUS, naiwan sa mga apostol ang konsepto ng mga Hudyo tungkol sa pagtatatag ng Kaharian ng DIYOS. Pakahulugan, sinabi ni KRISTO, 'Ginagawa ng DIYOS ito. Kayo ay magtuon ng pansin sa ibang saklaw sa panahong ito.'

>>Ang gawain ng DIYOS ay may napipintong madulang pagpihit dahil sa pangyayaring hindi pa nagaganap sa kasaysayan ng daigdig. Ibibigay ng DIYOS ang KANYANG Espiritu, hayagang ipapakita ang KANYANG kapangyarihan sa marami, at kasabay na ilulunsad ang KANYANG Iglesya at ang pangangaral ng ebanghelyo! Ang Pamilya NIYA ay hahakbang tungo sa maramihang pagdami sa

panahong iyon. Natatangi ang panahon iyon sa kasaysayan. Ang ganoon ay hindi na nangyaring muli buhat noon.

Ang Pagpihit ng Pinagtutuunan

>>Gaya ng ipinapakita sa unang limang kabanata ng Mga Gawa, ang Iglesia ay kaagad sumabak sa marubdob na pangangaral ng ebanghelyo at mabilisang pagdami ng mga kasapi ang sumunod. Sa ordinasyon ng unang mga dyakono sa ika-anim na kabanata, ang Iglesia ay nagsimulang mag-organisa para pangasiwaan ang mga kakailanganin nito. Tumindi ang pang-uusig sa pagkamatay bilang martir ni Esteban sa ikapitong kabanata. Sa ikasiyam na kabanata, si Pablo, ang apostol sa mga Hentil o *Gentiles*, ay nakumbert, at ang kumbersyon ng Hentil na si Cornelio at ng pamilya nito ay naganap sa ikasampung kabanata. Itong kapana-panahong pagpihit ng sa DIYOS na gawain ay nagpapaling sa atensyon mula sa Israel tungo sa mga Hentil.

>>Tungkol sa pagbabagong-diin ng sa DIYOS na gawain ayon sa pangangailangan at sa kagustuhan ng DIYOS, ang Mga Gawa 20:28-32 ay nang-aakit ng atensyon.

“Samakatuwid, mag-ingat sa inyong sarili at sa lahat ng kawan, na isinama kayo ng Banal na Espiritu bilang mga katiwala, pastulin ang Iglesia ng DIYOS na binili NIYA ng sarili NIYANG dugo. Dahil alam ko ito, na pag-alis ko’y may mababangis na mga lobong sasama sa inyo, hindi pakukundanganan ang kawan. Mula din sa inyo, may mga magsisitayo’t magsasabi ng mga malisyang bagay, upang umakit ng mga tagasunod nila. Samakatuwid ay magmatyag, at alalahaning sa loob ng tatlong taon ay di-ako tumigil magbabala sa bawa’t isa gabi’t araw nang may pagluha. At ngayon, mga kapatid, akin kayong inihahabilin sa DIYOS at sa salita ng KANYANG pagpapala, na makapag-aangat sa inyo at makapagbibigay sa inyo ng mamanahing kasama ng mga santipikado.”

>>Humuhulang hindi mananatiling pareho ang mga sitwasyon, si apostol Pablo’y nagbabalang may mahahalagang pangyayaring babagabag sa Iglesia pagkamatay niya. Siya’y nakadamang magiging mahalaga na sila’y magbigay ng masusing pansin sa pagpapakain sa kawan sa pamamagitan ng Salita ng DIYOS, at sa paggawa ng ganito ang mga tao’y may espirital na ikapagpapalakas. Maliwanag, na ang sa DIYOS na pinagtutuunan, ang sa Iglesia pinagtutuunan, ay manaka-nakang pumipihit upang harapin ang mga pangangailangan ng Iglesia at ng KANYANG layunin.

Lagom

*Kapwa ang sa Iglesia at sa sekular na kasaysayan ay nagpapakita na ang paghihiwalay ay natural na kaayusan.

*Ang DIYOS ay sumisimangot sa pagkukumpitensya ng KANYANG mga tao. Tayo’y dapat gumagawang may kooperasyon sa pag-akay sa KANYANG mga tao tungo sa higit na malalim na pag-unawa sa maka-DIYOS na prinsipyo’t responsibilidad.

*Ang DIYOS ay nagsasakatuparan ng parehong layunin mula pa noong una: KANYANG nililikha ang tao ayon sa KANYANG anyo. SIYA, sa KANYANG gawain, ay di-kailanman lumihis sa planong ito.

*Ang sa DIYOS na gawain ay kumikilos ayon sa KANYANG kautusan tungo sa direksyong ayon sa KANYANG layunin. Malinaw sa Bibliyang padron na DIYOS ang nangunguna at ang KANYANG mga lingkod ay sumusunod, kahit ano pa ang maging kaanyuan ng gagawin.

*Ang KANYANG gawain ay pumipihit ng pinagtutuunan sa loob ng pangkalahatang layunin ayon sa pangangailangan. DIYOS ang naghahanda’t tumatawag sa mga taong magsasakatuparan ng gawain na KANYANG kailangang magawa sa tanging panahon at lugal.

*Ang Mga Gawa at Mga Liham ay malinaw na nagpapakita na ang pinagtutuunan ng unang Iglesia sa Bagong Tipan ay nagkaroon ng madulang pagbabago para harapin ang mga pangangailangang lumitaw, bagama’t pangunahing pinagtutuunan ay ang pagpapakain sa mga tupa.

IKALAWANG BAHAGI

>>Ang Daniel 5 ay nagbibigay ng pangkasaysayang pinagdaanan ng kasabihang “Ang sulat-kamay ay nasa dinding” (*The handwriting is on the wall.*). Ito’y nagkaroon ng kahulugan na ang pangyayari ay nakaturo sa isang kahihinatnan lamang. Ito’y madalas nagmumungkahi na ang kapahamakan ay nangyari na, at kung pagbabalikang tanaw, tayo’y dapat nakaalam nang mas mahusay, o di-kaya ay may isang palapit na at ang buong epekto nito ay hindi maiiwasan.

>>Ang mga pangyayari sa ilang nakaraang dekada sa Iglesia ng DIYOS ay dapat nakapagbabala sa atin tungkol sa kung anong pangyayari sa ating kondisyong espirital. May espirital na sakunang napapasulong sa Iglesia, at habang ito’y patuloy na napipiras, ang pagkawasak ay lumulubha bawa’t

araw. Kailan hihinto ang ganito?

>>Isa sa mga taguri kay HESUS ay “Pangunahing Panulukang Bato” at ang I Pedro 2:5 ay nagtataguri sa mga kasapi ng Iglesia na “mga batumbuhay...na isinama sa paggawa ng espirital na tahanan.” Sa Mateo 24:2, si HESUS ay naglalarawan ng pagkawasak ng materyal na Templo sa Jerusalem: “Tiyak, sinasabi KO sa inyo, walang kahit isang batong maiiwang nakalagay sa ibabaw ng ibang bato, na hindi maitatapon pababa.” Dahil ang kawalang-tiwala, pagkawalang-loob, pagpapatianod, pagkalito, pagkakahati ay nagpapatuloy sa atin, ito ay maaaring naglalarawan sa KANYANG panghuling araw na Iglesia!

Tayo ay Dapat Nakaalam

Sa maraming kadahilanan, tayo’y dapat na nakaunawa nang higit na may kaliwanagan sa mga nangyayari. Subalit ang humina nating espirital na kondisyon at ang marahil ay di-perpektong kaalaman kung anong dapat gawin – at kahit di na banggitin ang takot na makagawa ng mga bagay na ‘radikal’ – ang pumigil sa atin. Tayo’y kabahagi sa kargong ito ng iresponsibilidad, ngunit hindi mapapasubaliang may nakahihigit kaysa iba.

>>Tayo’y dapat nakaalam dahil sa kasaysayan ng unang dantaong Iglesia na panahon ng mga apostol. Sina apostol Pablo, Juan, Pedro at Hud ay nagpuno sa kanilang mga liham ng mga patungkol sa mga kamalian at mga ministrong hindi tunay. Si apostol Pablo ay nagbabala sa Mga Gawa 20:29-31:

“Dahil alam ko ito, na pag-alis ko’y may mababangis na mga lobong sasama sa inyo, hindi pakukundanganan ang kawan. Mula din sa inyo, may mga magsisitayo’t magsasabi ng mga malisyang bagay, upang umakit ng mga tagasunod nila. Samakatuwid ay magmatyag, at alalahaning sa loob ng tatlong taon ay di-ako tumigil magbabala sa bawa’t isa gabi’t araw nang may pagluha.”

Si apostol Pablo ay nagbabalang paulit-ulit bago pa man, gaya ng ginawa ni Herbert W. Armstrong. Si apostol Pablo’y humula na mga masisibang espirital na heretikong pumapasok sa Iglesia mula sa labas at mga iba pang magsisitayo sa loob ang manlililang sa mga miyembro. Si HESUS din ay nagbabala sa makahulugang kuwento ng Trigo at mga Damo na magkasamang lalago ang mga ito (Mateo 3:24-30). Tayo’y dapat na nakaasang mangyayari ang ganito. Tayo’y dapat nakapaghanda man lamang sa ganito bilang indibidwal. Ilang beses bang ang nasusulat sa Bibliya ay nagbabala sa ating maging mapagmasid, maging listo, maging mapagmatyag?

>>Ang “mga biyaya at mga kaparusahang sumpa” sa mga kabanata ng kasaysayan ng Israel noong una’y dapat nakapagbabala sa atin. Marahil ang ating pinakamalaking kamalian ay ang di-natin

pagkakatanda na ang DIYOS ay humahatol nang walang pagtuturing sa mga tao. Ang Levitico 26:33 at Deuteronomio 28:64 ay nagpapakita na kung ang sa DIYOS na mga tao ay hindi sumusunod sa mga kautusan, KANYA silang ikakalat bilang parusa hanggang sa sila ay magsisi.

>>Di ba’t ang Israel noon ay napatungo sa pagkabiha at napakalat? Paano tayo makakaisip na ang ganito’y di mangyayari sa atin? Dahil ba “tayo ay nasa Iglesia” (Jeremias 7:3-15)? Ang kabiguan nating tingnan nang seryoso ang espirital na pagkakawangki ng napakadiing itinuturo ni apostol Pablo sa Galacia 6:16; 4:26-28 at Roma 9:1-8 – na ang Iglesia ay “ang Israel ng DIYOS” ay nagpapunta sa mabigat na pagkaunsiyami.

>>Sa Roma 15:4 ay nagbibigay sa atin ng aral sa bandang ito: “Sapagkat anumang mga bagay ang naisulat noon ay naisulat para sa ating pagkatuto, na tayo sa pamamagitan ng pagsisikap at kalubagang-loob na nasa mga Eskripto ay magkaroon ng pag-asa”. Siya’y tumutulong na ating kilalanin ang sanhi ng ipinagdurusa natin ngayon. Ang DIYOS, matapos silang bigyan ng maraming babala, ang nagkalat sa Israel at ipinadala silang biha dahil sila’y sumuway sa KANYANG mga kautusan. Ang babala ay para sa atin din. Tayo’y dapat higit na nakaalam dahil, gaya ng pagkasulat ni apostol Pablo, ang DIYOS ay nagtala ng mga bagay na ito na ang Iglesia, ang Israel ng DIYOS, ang pangunahing nasa isip.

>>Si HESUS ay nagsasabi sa Lukas 12:48, “Dahil bawat isang higit ang ibinigay, mula sa kanya’y higit din ang inaasahan”. Ang DIYOS ay nagpaparusa sa di-masunurin sa pamamagitan ng pagkakalat sa kanila. Tayo’y dapat makakita. May sinuman bang nabigyan nang higit sa atin? Sa lahat ng mga tao, tayo ang walang maidadahilan. Tayo’y di-dapat pumayag na tayo’y mapasa-kondisyon na siyang nagdala upang ang pagkaka-kalat na ito ay maganap.

>>Sa ganitong sumasalikod at sa emosyonal nating pagkabagbag na pinagdusahan, napakadaling manduro’t mag-akusa sa kahit ilang mga personalidad, pangkatin, doktrina, pagbabagong-panuntunan na sa ating pakiramdam ay marapat na ilantad na siyang sanhi. Si satanas at ang namumunong mga tao ang pinaka-natural na mga tumpulan. Bagama’t may katotohanan ang karamihan sa mga pagsasakdal, ang mga ito sa aspetong espirituwal ay lubhang mapanganib. Ang sa DIYOS na Salita’y nagpapakitang tayo ay dapat maging maingat magtakda ng sisi o kasalanan. Yung ating mga inaakusahan o sinisisi’y pwedeng naging mga gamit lamang, kahit mga pumapayag naman, ginamit upang maisagawa ang sa DIYOS na mga balakin bilang reaksyon sa ating mga kasalanan.

DIYOS ang Gumawa Nito!

>>Ang pagwawaksi sa kinalaman ng DIYOS sa

pagkaka-kalat ng Iglesya at pagtuturing sa ganito bilang simple lang NIYANG “pagpapabaya na mangyari” ay napakalayo sa katotohanan. Ang DIYOS ay aktibong may kinalaman sa pamamahala sa KANYANG nilikha, laluna sa pagdadala sa KANYANG nililikhang espirituwal tungo sa sukduhan nitong kaganapan. Sa Daniel 4:17, SIYA ay maliwanag na nagsasabing KANYANG ini-aangat at ibinabagsak ang mga hari. Si HESUS ay nagsasabing ang sa DIYOS na kamalayan at kinalaman ay napakatindi at napakalawak kaya wala ni munting ibong nalalaglag nang di-NIYA naitatala. Gaanong higit na masusi ang pangmasid na ibinibigay NIYA sa KANYANG mga anak?

>>Kung anong ginawa ng DIYOS sa Iglesya ay akto ng katapatan sa kung ano SIYA, isang kabuhay-buhay na paglalalahad sa KANYANG nais na tayo’y mapasa-Kaharian NIYA. Si haring David ay nagsasaad, “Kung ang mga pundasyon ay mawasak, anong magagawa ng makatwiran? Ang PANGINOON ay nasa KANYANG banal na Templo, ang sa PANGINOONG trono ay nasa langit; ang KANYANG mga mata’y nakamasid, ang KANYANG talukap-mata’y nagsusubok sa mga anak ng sangkatauhan” (Mga Awit11:3-4). Si apostol Pablo’y nagsasabi sa Hebreo 12:6, “Sapagkat kung sino ang sa DIYOS na minamahal ay KANYANG sinusuheto, at hinahagupit bawat anak NIYANG tinatanggap.”

>>Ang DIYOS ay nagbibigay ng halimbawang ganito sa buong Bibliya. SIYA’y humamon kay satanas na subukin si Hob (Hob 1:6-12). SIYA’y humanap ng magkukusang maging sinungaling na espiritu sa bibig ng di-tunay na propeta upang parusahan si haring Ahab at ang Israel (II Mga Pagtatala 18:21-22). SIYA mismo ang “nag-alis sa Israel mula sa KANYANG paningin” matapos nilang saidin ang KANYANG pasensya (II Mga Hari 17:18-23). Ang DIYOS ay kumuha rin ng aktibong pakikilahok sa pagpapadala sa Judah sa pagkabihag. Sa Mga Panaghoy 2:1-8, ang DIYOS ay nagpoproklama nang di-kukulangin sa 26 na beses na KANYANG ginawa ang ganito at ganoon laban sa mga anak na babae ng Zion (isang kauri ng Iglesya) upang wasakin ito.

>>Sa Roma 9:17, si apostol Pablo’y bumanggit sa Paraon, ang kaaway ng Israel at isang uri ni satanas, “Para din sa ganitong layunin ay iniangat kita, nang AKING maipakita sa iyo ang AKING kapangyarihan, at nang ang AKING pangalan ay mai-deklara sa buong daigdig.”

>>Yun kayang mga may posisyon sa pamumuno ng Iglesya, na may kapangyarihang magtakda ng pagbabago ng doktrina, ay makaka-angat sa kanilang mga posisyon na hindi nalalaman ng DIYOS? Sila kaya’y makakagawa ng anumang labag sa KANYANG kagustuhan?

>>Sa isang banda, na maniwalang ang DIYOS ay may di-aktibong parte lamang sa pagkaka-kalat ng

Iglesya ay mistulang pag-aakusa sa KANYA ng pagiging mapagbalewala. Sa kabilang banda naman, ang mag-isip na “ang DIYOS ay pumayag na ang ganoon ay mangyari” ay tila isang pangkaisipang pagkikibit-balikat, nagpapaubaya na ating ilipat ang sisi o sala sa iba na wari ba’y ang lahat ng iyon ay kanilang kasalanan. Tayo kung magkagayon ay makakaiwas-pananagutan sa kontibusyon [natin] sa naganap na malubhang sakunang espirituwal.

>>Ang DIYOS ay hindi di-aktibong Manlilikha; SIYA ay aktibong namamahala sa KANYANG nilikha. Ang nakataya dito ay ang ating kamalayan tungkol at kasagutan sa soberenya ng DIYOS sa ating buhay-indibidwal na partikular at pati na sa Iglesya’t sa daigdig pangkalahatan.

Mga Babala ni Herbert W. Armstrong

>>Ang DIYOS ba’y walang makatarungang batayan sa KANYANG ginawa kay Belshazzar (Daniel 5)? Ang orihinal na sulat-kamay sa dinding ay nagpatunay na batid ng DIYOS ang di-mapitagan at mapanlapastangang paghawak ni Belshazzar sa banal na mga bagay. Kapareho ng sa DIYOS na babala kay Belshazzar sa pamamagitan ng KANYANG tagapaglingkod bago humampas ang pamalo ng KANYANG kaparusahan, gayun ding SIYA’y nagbabala sa atin.

>>Noong Hunyo 24, 1978, si Herbert W. Armstrong ay nagbigay ng sermon sa Pasadena PM kongregasyon at iyon ay ipinadala upang iparinig sa lahat ng mga kongregasyon sa buong mundo. Doon, kanyang binalaan na tayo ay nagiging maligamgam at siya’y nakiusap na tayo ay bumalik kay KRISTO. Labinlimang ulit siyang humiyaw: “Gumising kayo!” Siya’y nagnanais na tayo ay makaunawang ang Iglesya ay lumalala. Ang kapahamakan ay nasa daan na.

>>Mula noon hanggang sa siya’y huminto sa pangangaral ilang buwan bago siya mamatay, halos lahat ng sermon ni Herbert W. Armstrong ay pawang may kaugnayan sa ganitong paksa o tema. Maraming nag-iisip na tila siya isang matandang sintu-sinto. Noong Hunyo 24, 1985, eksaktong pitong taon matapos manawagang tayo ay “gumising”, kanyang ipinalathala ang natatanging bilang (tanging edisyon ng *Worldwide News*, na may pamagat na “*The Recent History of the Philadelphia Era of the Church of God*”, ang lathalaing ito’y naghimay sa mga nangyari noong nakaraan, sakaling ang mga ito’y mangyari na naman. Gaya ng kanyang ikinatakot, ito’y nangyaring muli – nang higit na malala! Tayo ay maliwanag na nababalaan!

>>Isinisi ni H.W. Armstrong ang kung tawagin niya’y “*intellectualism*” sa malaking bahagi ng problemang kinakaharap ng Iglesya. Kaparehong si apostol Pablo’y nagpaibang-hambing sa kung tawagin niya’y “*the wisdom of men*” at paghahayag (I Corinto 2:4-16). Sila’y tumutukoy sa parehong

mga konsepto. Ang isyu para sa kanila ay ang Kristiyanismo'y naitatag, nakadepende at umuunlad sa ilalim ng paghahayag ng DIYOS, hindi sa kaisipan ng tao.

>>Ito'y hindi pagmemenos sa kahalagahan ng kaisipan ng tao sa materyal na pamumuhay, ngunit sa espirital na buhay, ang mga katotohanang bagay ng DIYOS ay dapat na ipinahayag. Ang kay apostol Pablong halimbawa'y maipagtuturo, dahil siya'y hindi mapapasubaliang may di-pangkaraniwang kaisipan. Ang DIYOS ba'y nagkumbert sa kanya sa pamamagitan ng kanyang kaisipan, o di-ba't ang DIYOS ay naghayag ng KANYANG Sarili sa kanya sa nakakabulag na kislap ng liwanag sa Daan papuntang Damascus? Hanggang ang DIYOS ay gumawa ng milagro sa kanyang isip, si Pablo'y isang kaaway ng katotohanan. Sa ilang antas, ang kay Pablong karanasa'y nangyari sa ating lahat. Siya'y patuloy na gumamit ng kanyang kaisipan ngunit namuhay at humatol ayon sa pahayag.

>>Si HESUS at ang orihinal na labindalawang mga apostol ay itinuring na mga walang pinag-aralang tao. Sa kabaligtaran, tingnan kung saan ang sa Iglesyang mga namumuno kamakailan tumanggap ng aral na siyang gumatong sa malakihang mga pagbabago ng doktrina. Hindi ba't sila'y dumalo sa mundong mga pamantasan sa paghanap ng mataas na kaalaman sa teolohiya at mga kaugnay na paksang-aralin? Ang 'katalinuhang' kanilang natutunan ay maganda sa pandinig ng pantaong likas at pagiging karnal. Ipinasa nila ito sa ministri at karaniwang miyembro, at ito'y unti-unting gumitgit sa ating isip tulad ng kanser, sumasaid sa kasigabuhan ng totoo, payak, ipinahayag na pananampalatayang espirital, pagiging masunurin, at pag-ibig. Mayroong *famine of the Word* o taggutom sa Salita nang nagsisimula. (Para sa higit pang kumpletong paggalugad sa paksang ito, hilingin ang babasahing "*The World, The Church and Laodiceanism*").

Mga Babala sa Israel at Judah

>>Ang saloobing *laodiceanism* at lebadurang *intellectualism* ang siyang makina ng pagkawasak ng *Worldwide Church of God*. Ang kapuna-punang katapat nito'y nasa Amos 4. Ang propeta'y simulang nagsalita sa mayayamang kababaihan ng Israel, ngunit kanyang tiyak na isinama ang asawa ng mga ito, at bilang pagpapalawak, ang buong bansa.

>>Ang DIYOS ay nagsimula sa pamamagitan ng panunumpa sa KANYANG pagiging banal, na dahil sa kanilang saloobin at pag-uugali, SIYA sigurado'y ikakalat at itataboy sila sa pagkabihag. SIYA'y bumanggit kung paanong gusto nilang pumunta sa mga kapistahan, bagama't sila'y mabigat na napupuno ng kasalanang di-nila binibigyang-pansin. Bago sila ikinalat, SIYA'y nagbabala muna sa pamamagitan ng mga salot sa agrikultura, mga sakit, tagtuyot na nagbunga ng gutom, subalit ang

karahasan ay tumindi sa sangkalupaan. Sa pinagdaanang ganitong mga kapahamakan, ang mga tao'y nanghina't nagsigala mula sa isang pook papunta sa iba pa sa paghahanap ng kapayapaan at lakas.

>>Ngunit nila di-kailanman tinanggap ang KANYANG mga babala sa punto ng pagsisisi at pagbabago ng kanilang mga gawi. Sila'y di-kailanman nakapag-ugnay na sila'y may pananagutan sa nangyayari sa bansa. Sila'y laging naninisi ng iba. Ang seksyon ay nagwawakas sa isang mariing babala: "Maghandang humarap sa inyong DIYOS!" (Para sa higit na kumpletong paggalugad sa paksang ito, hilingin ang babasahing "*Prepare To Meet Your God!*")

>>Ang Jeremias 3:12-15 ay nagpapakitang tapus na tapos na ang Israel ay hindi nagsisi't nagbago sa pangangaral ni Amos:

"Humayo at iproklama ang mga salitang ito tungo sa hilaga, at sabihing, 'Bumalik ka, paurong na Israel', wika ng Panginoon, 'at hindi KO simulang ibabagsak ang AKING galit sa iyo'; pagkat AKO'y mahabagin', wika ng PANGINOON, at AKO'y di-mananatiling galit magpakailanman. Lamang ay akuin ang iyong kasalanan, na ika'y sumuway sa PANGINOON mong DIYOS, at nagkalat ng iyong pang-akit sa mga banyagang dinidiyos sa ilalim ng bawat luntiang punongkahoy, at hindi ka tumalima sa AKING tinig', wika ng PANGINOON. 'Balik, O paurong na mga anak', wika ng PANGINOON, 'sapagkat AKO'y kasal sa inyo. AKO'y kukuha sa iyo, isa mula sa isang lungsod at dalawa mula sa isang pamilya, at dadalhin kita sa Zion. At AKO'y magbibigay sa iyo ng mga pastol na ayon sa AKING puso, na siyang magpapakain sa iyo ng kaalaman at pang-unawa.'"

>>Ang Jeremias 7:8-15 ay nagpapakitang makalipas ang 120 taon ang Judah ay nagdusa ng parehong mapangwasak na kapalaran dahil sa katulad na dahilan.

"Masdan, ika'y nagtitiwala sa sinungaling na mga salita, na hindi makapagpapakinabang. Ikaw ba'y magnanakaw, papatay at mangangalunya, at pasinungaling na manunumpa, at magsusunog ng insenso kay Baal, at lalakad pasunod sa mga diyos na hindi mo kilala; at paparito't tatayo sa harap KO sa tahananang ito, na tinatawag sa pangalan KO, at magsasabing, 'Kami'y nahangong gawin ang lahat ng mga itong karumal-dumal?' Itong tahananang itong tinatawag sa pangalan KO ba'y naging lungga ng mga magnanakaw sa inyong paningin? Masdan, kahit AKO'y nakakita dito, wika ng Panginoon. Ngunit pumunta ka ngayon sa aking pook sa Shiloh, kung saan ay inilagay KO ang AKING pangalan noong una, at tingnan kung ano ang AKING ginawa doon dahil sa kabuktutan ng AKING mga taong

Israel. At ngayon, dahil ikaw ay gumawa sa lahat ng mga gawaing ito, sabi ng Panginoon, at AKO'y nagsalita sa iyo, bumabangon nang maaga at nagsasalita, ngunit ika'y hindi nakinig, at AKO'y tumawag sa iyo, ngunit ika'y hindi sumagot; samakatwid ay AKING gagawin sa tahananang ito, na tinatawag sa pangalan KO, na siyang pinagtitiwalaan mo, at sa lugar na AKING ibinigay sa iyo at sa iyong mga ama, ang gaya ng AKING ginawa sa Shiloh. At AKING itatapon ka sa labas ng AKING paningin, gaya ng AKING pagtatapon sa iyong mga kapatid, ang buong binhi ng Ephraim.”

Kagaya ng Israel at Judah, tayo'y hindi tumalima sa mga babala. Ang DIYOS ay matapat, ngunit napakaraming nagtiwala sa mapagsinungaling na salita nang napakatagal. Kung anong nangyari sa kanila'y nangyari din sa atin. Tayo ba'y nagsisi? O tayo bang lahat ay nagturo ng daliri ng pag-aakusa sa Pastor Heneral at sa kanyang mga ayudante na wari'y sila ang tahasang may sala? Pwede kayang ang mga taong yun ay sumasalamin lamang sa atin? Sila nga lang ay nasa mas mainam na posisyon upang impluwensiyahan ang kabuuan.

>>Sa mahabang panahon ako'y di-nagturing na ang mga babala'y patungkol sa akin, o sa buong Iglesya kung sabagay. Palaging yung iba, aking nasa isip. Ako'y dapat nakaalam, subalit ako'y nabulagan dahil sa aking espirital na kondisyon. Sa aking pagbabalik-tanaw dito ngayon, ang mga babala'y tila mga trumpetang tumutunog, ngunit hindi ko naisip na ang mga problema'y kasalanan ko.

>>Ang sulat-kamay ay nasa dinding, ito'y nananatili dito dahil ang problema'y malayo pang matapos. Ang mga tao'y nakakalat na lahat sa ibabaw ng daigdig, di-nagtitiwala sa ministri at sa isa't isa. Ganitong daan ang talagang gusto ni satanas, ang umaatungal na leon (I Pedro 5:8). Ang sa DIYOS na mga tao'y mas madaling damputin kung kailan sila nakakalat at nag-iisa.

>>Ang sa unang siglong mga apostol ay nagbabala sa atin sa kanilang mga liham. Si Herbert W. Armstrong ay nag-alarma nang matagal at malimit. Ang mga pangyayari sa loob ng Iglesya'y dapat nakapagpa-alerto sa atin sa ating lumalalang espirital na kondisyon. Pulang mga bandila'y dapat nawagayway nang may kahilakbutan nang ang sa doktrinang mga pagbabago'y maglayo sa atin sa panampalatayang dati nang naibigay o naihatid. Nang maraming ministro ang tumanging magturo ng mga pagbabago, sila din ay nagbabala sa atin nang tahimik! Ang lumalalang espirital na taggutom at ang ating kasalukuyang kalat-kalat na kondisyon ay nagbababala sa atin ngayon.

>>Anong inyong gagawin? Yan ay nanatiling makikita pa natin. Ang sa DIYOS na tagubilin, magkabayunman, ay malinaw. Kung kailan ang lubusang pagtalikod sa panampalataya'y maganap, bawala't tao'y marapat tumalima sa babala at magtika

mula sa kanyang sariling mga kasalanan, at huwag maghanap ng masisisi o maisasangkalan.

Ang Oras ng Pagpapasya

Si KRISTO'y di-nagbuo ng grupong samahan, ng KANYANG Iglesya, bilang kilos na walang kapararakan. Ang Iglesya'y dapat magbigay ng parehong pagtuturo ng sa DIYOS na katotohanan upang maperpekto ang mga banal, masasamahan ng mga may magkatulad na Espiritu, at himpilan ng pangangaral sa daigdig. Ang pagtutuunan nito'y relasyong pampamilya sa AMA sa pamamagitan ni HESUKRISTO bilang paghahanda sa kasunod na hakbang sa KANYANG layunin.

>>Kung isasaalang-alang ang sa Iglesyang kalat-kalat na kondisyon, at ang di-maitatwang katunayan na ang DIYOS ang nagkalat dito dahil sa ating mga kasalanan, ngayon ang panahon para sa malaliman at taus-pusong pagsusuri ng sarili at pagsisisi. Si KRISTO'y nagpapaalala sa lima sa pitong Iglesya sa Rebelasyon 2-3 na magsisi. Bawat mensahe'y natatapos na may pangaral para sa mambabasang makinig sa “kung anong sinasabi ng Espiritu sa mga Iglesya”. Kung ang sapatos ay kasya sa iyo, isuot ito (*if the shoe fits, wear it*) kahit na alin pang Iglesya ang kinakausap ni KRISTO.

>>Si HESUKRISTO'y teribleng seryoso; SIYA'y nagbanta pa sa Epeso ng pagtanggap sa lampara nito kapag sila'y hindi nagsisi (Rebelasyon 2:5)! Ang sa DIYOS na Iglesya'y laging dapat makipagtagisan sa kasalanan, ngunit ngayon tayo'y nakatanggap ng masakit na pagwiwika. Tayo'y idinura na (3:16)!

>>Subalit nananatili ang pag-asa ng pagbabalik sa DIYOS:

“Kung AKING sinarhan ang langit para mawala ang ulan, o kung AKING utusan ang lukton na lamunin ang kalupaan, o kung AKING dalhin ang peste sa AKING mga tao; kung ang AKING mga tao, na nakapangalan sa AKIN, ay magpapakumbaba, at mananalangin, at maghahanap sa AKING harapan, at tatalikod sa kanilang masamang mga gawi, kung magkagayon AKO'y makikinig mula sa langit, at patatawarin ang kanilang mga kasalanan, at pagagalingin (ang sakit) ng kanilang kalupaan.” (II Mga Pagtatala 7:13-14)

Doon sa Hunyo 24, 1978 na sermon, si Herbert W. Armstrong ay nagsabi malapit sa dulo:

“[Ang DIYOS] ay nakakaalam sa ating mga kahinaan. SIYA'y mapagpatawad na DIYOS. At kung tayo lang ay babalik sa KANYA, KANYANG iaabot sa atin ang KANYANG mga bisig at tayo'y tatanggapin at tayo'y mamahalin, at di-ninyo maguguni-guni kung paanong ang pagmamahal ng DIYOS ay pupunta sa inyong diwa at sa inyong isip at kung gaano NIYA kayo mamahalin. Ang DIYOS

ay nagmamahal sa KANYANG Iglesia!.. Ngayon ang panaho'y dumating na upang tayo'y magkaroon ng pagbabagumbuhay sa kaibuturan ng ating puso. Ang ganito'y dapat na sumambulat sa atin at magkondena sa atin. Ito'y ating kasalanan. At ako'y di-lang nagsasalita sa inyong nakikita ko dito. Ako'y nagsasalita rin sa ibang mga kongregasyong makakarinig dito sa *tape* sa buong mundo. Magkaka-isa, mga kapatid, tayo'y magsiluhod, at tayo'y bumalik kay KRISTO."

Ang kay Daniel na Panalangin

>>Ang Daniel 9 ay napakagaling na modelo para ating sundan sa pagbabalik sa DIYOS. Si Daniel ay nanalangin ng panalangin ito noong panahon ng sa mga Hudyong pagkakabihag sa Babilonia. Sila'y papalapit na sa panahong ang DIYOS ay palalayain na sila at ibabalik na sila sa lupang sa kanila'y pamana. Ang propeta'y nagtanong sa DIYOS kung paano NIYA papapanag-uliin ang mga Hudyo.

>>Ngayon, ating matatagpuan ang ating mga sariling nakakalat, umaasang tayo'y muling magiging isang samahan. Tayo'y kailangang magtanong sa DIYOS kung paano NIYA panunumbalikin at pag-iisahin ang mga espirital na mga Hudyo sa huling panahon. Tayo man ay tumatanaw na mapalaya ng kay KRISTONG pagbabalik at mailagak sa lupang sa ati'y pamana.

>>Ang panalangin ito at ang kalagayang gumanyak nito'y nagtuturo ng pambuhay na aral: Ang mga layuni't mga pangako ng DIYOS na inihayag sa KANYANG Salita'y nagtuturo sa atin kung anong dapat dasalin, at saka gumaganyak din sa ating magdasal. Si Daniel ay nanalangin tungkol sa kanyang natutuhan mula sa Bibliya, espesipiko sa aklat ni Jeremias (Daniel 9:2-3).

>>Ano ang kanyang ginawa? Siya'y nangumpisal ng kasalanan ng bansa, mga kasalanang nagkalat sa kanila sa pagkakabihag, mga kasalanang naghati-hati sa korporatibong katawan ng Judah. Siya'y walang alinlangang nakaramdam na marami sa mga kasalanang naging sanhi ng pagkabihag ay nananatili sa kaasalan ng mga tao.

>>Sa pagbabasa sa pagitan ng mga linya (*reading between the lines*) ng kay Daniel na panalangin, ating mauunawaan ang kanyang pagkaligalig tungkol sa kahandaan ng mga Hudyo na magbalik. Siya'y nagpahayag ng kanyang nadarama at marahil ay ng nadarama ng ibang kasama ng mga Hudyo. Siya'y may karapatang mabahala sapagkat nang sila'y bumalik makalipas ang maraming taon, kakaunti lang ang talagang nagsi-uwing pabalik sa Judea. Ang nakararami'y nanatili sa lupain ng kanilang pagkabihag, sa daigdig, sa Babilonia. Nangagsilaking komportable na sa kanilang pagiging bihag, sila'y natakot na ang sakripisyo ng pagbabalik -- ng pagsisisi -- ay napakalaking dalahin. Ngunit ang DIYOS ay matapat kahit para sa mabuti o

masama; ito'y nakagagawa ng KANYANG pagiging katiwa-tiwala. Kung kailan SIYA'y nagbababala na KANYANG ikakalat ang Kanyang mga tao dahil sa kanilang mga kasalanan, SIYA'y nagsusunod-patapos, kung SIYA ma'y nagbababala sa Israel o sa atin. Si Daniel ay nagpapakita sa mga berso 8 at 11 na ang kasalana'y talamak sa buong lipunan, at kanyang kinikilala ang sa DIYOS na katapatan sa pamamagitan ng pagbanggit sa mga biyaya't mga sumpa sa Levitico 26 at Deuteronomio 28.

>>Si Daniel ay nagpapatuloy sa mga berso 13-14:

"Gaya ng nasusulat sa batas ni Moses, lahat ng ito na mga masasama'y dumating sa amin; ngunit kami'y di-gumawa ng panalangin sa harap ng PANGINOON naming DIYOS, upang kami'y pumihit mula sa aming mga kabalakyutan, at maunawaan ang sa IYONG katotohanan. Kaya ang DIYOS ay nagbantay sa masama, at dinala ito sa amin: dahil ang PANGINOON naming DIYOS ay makatuwiran sa lahat ng KANYANG mga gawaing KANYANG ginagawa; dahil kami'y hindi tumalima sa boses NIYA."

>>Si Daniel ay tahasang naghahayag kung bakit ating nakita ang ating mga sarili sa ganitong kondisyon. Bagama't ating nakita ang problema sa simula, tayo'y di-humingi sa

KANYANG itigil ito sa kanilang pinagmumulan, ang ating personal na mga kabalakyutan. Ang DIYOS ay wala nang napagpilian kundi ang ipadala ang ganitong kalamidad sa atin.

>>Ang berso 15 ay isang hantarang pag-amin sa kasalanan. "Kami'y nagkasala, kami'y nakagawa ng may kabalakyutan!" Sa berso 17 ang propeta'y nagsusumamo sa DIYOS na pumaling nang may pagkahabag at saklolohan sila: "Kaya ngayon, O aming DIYOS, pakinggan ang panalangin ng IYONG lingkod, at ang kanyang mga pagluhog, at alang-alang sa PANGINOON'y mangyaring ang IYONG mukha'y pasinangin sa IYONG Banal na Pook, na mapanglaw." Si Daniel ay nagwakas ng kanyang dalangin na may makabagbag-pusong panawagan:

"O aking DIYOS, itungo ang IYONG pandinig, at pakinggan; buksan ang IYONG mga mata, at masdan ang aming mga pamamanglaw, at ang lungsod na tinatawag sa IYONG pangalan; sapagkat aming hindi inihahayag ang aming mga pagsusumamo sa IYONG harapan dahil sa aming pagiging makatwiran, bagkus ay dahil sa IYONG mga awa. O PANGINOON, makinig; O PANGINOON, magpatawad; O PANGINOON, magbigay-pansin at kumilos; huwag mag-antala, alang-alang sa IYO; O aking DIYOS; sapagkat ang IYONG lungsod at ang IYONG mga tao'y tinatawag sa IYONG pangalan". (mga berso 18-19)

>>Si Daniel ay nagbabatay sa kanyang panambitan para sa mga tao ayon sa kanyang kaalaman tungkol sa DIYOS na katangian at itinutukoy iyon (ang kanyang panambitan) sa KANYANG awa. Siya'y hindi umaapela sa DIYOS mula sa kanilang pagiging makatwiran, hindi rin sa kanilang kasalukuyang pagdurusa. Siya'y basta't humihingi sa DIYOS, nakakaalam sa pagkahabag NIYA sa KANYANG mga tao, sa Jerusalem, at sa Templo, na patawarin sila at palayain sila. Ang ganoong pagkakaligtas ay tanging sa pamamagitan ng sa DIYOS na grasya, at SIYA lamang ang maluluwalhati.

>>Sa Bibliya, walang katibayang ang DIYOS ay pag-iisahin tayong muli sa panahong ito. Ang DIYOS ang nagkalat sa Israel at Judah. KANYANG kinalap ang Judah sa sarili nitong lupain sa bahagyang panahon, para lang ikalat silang muli sa lahat ng direksyon. Ang ibang mga tribu ng Israel ay nananatiling nakakalat, ngunit sa hinaharap sila'y muling isasama sa KANYA at sa Judah.

>>Kung magkagayon, ang Bibliya'y nagbibigay lamang ng kabahagi ng padron. SIYA'y magbubuo sa atin, ngunit kailan? Siguro ang pagbubuo ay mangyayari sa Pook ng Kaligtasan o *Place of Safety*. Marahil bago lumantad ang Dalawang Saksi, ang DIYOS ay buong pagkahabag na maglalantad ng isa na sa palibot niya ang Iglesya'y mabubuo.

>>Kung kailan mangyayari ito'y di-kasinghalaga ng pagsasagawa ng bawa't isa sa atin ng kasiguruhang tayo'y may tamang relasyon sa DIYOS. Bilang mga indibidwal, tayo'y dapat magpunyaging mapagaling ang nawakwak o *breach* sa pamamagitan ng pagsisisi sa ating mga kasalanan upang walang anumang sanhi ng ipinaghiwalay ang matira't pumigil sa pagsasama-samang muli nating magkakapatid. Ngayon ang panahon upang ating ilunsad ang marubdob na personal na pagpapanumbalik-buhay sa dati nating debosyon at kasigasigan sa KANYA at sa KANYANG dakilang layunin.

Lagom

*Tayo'y higit pang sapat na binabalaan ng banal na mga Eskripto, ni Herbert W. Armstrong, at ng mga pangyayari sa nagaganap sa Iglesya.

*Ang DIYOS ay aktibong may kinalaman sa KANYANG nilikha, laluna sa KANYANG Iglesya. SIYA mismo ang nagsagawa ng pagka-kakalat-kalat, kagayang tunay na SIYA rin ang nagkalat sa Israel at Judah.

*Ang DIYOS ay nagka-kalat-kalat bilang parusa sa kasalanan. Anuman ang mangyari, kahit tayo'y muling mabuo't mapagkaisa (o hindi man), tayo'y marapat na magtuong pansin sa taus-pusong

pagbabalik-isip at pagsisisi.

IKATLONG BAHAGI

>>May makapigil-pansing pagkakaiba sa pagpapalaganap ng ebanghelyo sa unang mga taon ng Iglesya noong unang dantaon at sa dahan-dahang naging maunlad (na pamamaraan) habang ang Iglesya'y umi-edad. Ang unang mga kabanata ng Mga Gawa'y nagbibigay ng impresyong halos lahat ng sa Iglesyang mga miyembro'y nagpapahayag ng ebanghelyo.

>>Ang Ebangelista ay "sinumang nagpapahayag ng ebanghelyo o magandang balita. Kung kanino ibinigay ang magandang balita'y di mahalaga. Sa pinakamalawak nitong pakahulugan, kahit sino'y pwedeng mag-ebanghelyo, maging apostol, dyakono, o karaniwang miyembro man. Isang nagkokomentaryo ang nagwika na ang apostol ay propeta rin at ebanghelista; apostol dahil siya'y sinugo, propeta dahil siya'y panghinaharap ang sinabi, at ebanghelista dahil siya'y nagdala ng magandang balita. Sa pinaka-maagang mga taon ng Iglesya, paganito ang salitang ebanghelista ginamit.

>>Paglipas ng panahon, datapuwa, ang sa Iglesyang gamit ng salitang ito'y nagbago, gaya ng makikita sa mga sinulat ni Pablo, mula sa pampublikong gawai'y napunta sa (o ito'y nangahulugan ng) isang mataas na posisyon, meron man o walang pampublikong gawain. Si Pablo'y gumagamit sa salitang ito sa II Timoteo 4:5 upang itakda ang mga gawain ni Timoteo bilang ebanghelista na nakatuon sa Iglesyang kapatiran. Sa isang pakahulugan, siya'y nag-e-ebanghelyo pa rin, ngunit sa Iglesya. Ang dito'y paggamit ay pumihit na sa administratibong ranggo.

>>Ang payo ni Pablong ibinigay kay Timoteo at Tito ay nagtutuon kung paano mag-pastor ng kongregasyon, hindi kung paano magpahayag ng ebanghelyo. Maliit (na bahagi lamang) sa mga aklat na ito ang nagpapahiwatig na si Timoteo at si Tito ay gumawa ng pangangaral sa publiko't nagbigay-saksi sa ebanghelyo. Itong responsibilidad na ito'y tila siyang tungkuling pangunahin ng mga apostol.

Herbert W. Armstrong

>>Sinumang may alam sa kasaysayan ng *Worldwide Church of God* ay nakakaalam na si Herbert W. Armstrong ay gumamit sa salitang ebanghelista gaya ng sa bandang huli nang Bagong Tipang mga kasulatan. Sa kanya, ang ebanghelista ay ranggong administratibo. Sa aktuwal na gawi, si *Mr.* Armstrong na isang apostol, ang nagsagawa ng pag-e-ebanghelyo, ngunit mga ebanghelista ang namahala

ng mga tanggapan bilang pandepartmentong mga pinuno. Ang kanilang pag-e-ebanghelyo'y nalimitahang patuon sa pangangaral sa Iglesya. Sila'y nagsuperbisyo sa iba. Paminsan-minsan, sila'y naglalakbay tungo sa mga lokal na dako ng Iglesya upang katawanin si Mr. Armstrong at maging mga gumagalang tagapagsalita tuwing *Feast of Tabernacles*. Ang mga lokal na pastor ng Iglesya'y may mas maraming pakikipag-ugnay sa publiko sa pamamagitan ng *Plain Truth lectures* at sa pagbisita sa mga *prospective members* kaysa mga ebangelista!

>>Sa *Mystery of the Ages*, pahina 275, si Mr. Armstrong ay nagbibigay ng (wari'y) nakakapsulang salaysay ng sa Iglesyang *zigzag* na kasaysayan. Ang Iglesya, tulad ng Israel sa kaparangan, ay hindi nakakilos nang deretso patungong kaligtasan sa halos dalawang libong mga taon mula nang ito'y itatag. Sa mahabang mga panahon, ang DIYOS ay pumayag na ang Iglesya'y nagpatuloy na walang pangangaral ng ebangelyo -- sa katunayan, ito'y palaging nagtatago, pinangangalagaan ng DIYOS sa "ilang na lugar" (Rebelasyon 12:6). SIYA'y tila hindi nabahala, dahil sa kung SIYA'y nabahala, KANYA nang pinakilos ang Iglesya upang ang pangalan NIYA'y isaalang-alang. Si Herbert W. Armstrong ay palaging nagsabi na ang ebanghelyo'y hindi naipahayag nang may 1,900 mga taon! Kanyang di-ibig ipakahulugang ito'y hindi naipahayag kailanman, bagkus ito'y hindi naipahayag nang may kapangyarihan, pagkaunawa, kalaganapan, at katagalan hanggang ang DIYOS ay itayo siya upang gawin yun noong ikadalawampung siglo.

Pangungumberte (*Proselytizing*)

>>Kahit ang mga Hudyo'y nagsagawa nito noong kay HESUS na kapanahunan (Mateo 23:15), ang pangungumberte'y gumawa ng unang paglitaw bilang pambibliyang kautusan sa ministri ni HESUS. Sa ilalim ng Matandang Tipan, ang DIYOS ay di-kailanman nagtatag ng gawain para mangumberte, sa isang bahagi'y dahil KANYANG nilimitahan ang KANYANG gawain doon sa mga nagsigawa ng Kasunduan sa KANYA sa Israel. Gayunpaman, ang Israel ang magiging sa DIYOS na saksi sa harap ng mga bansa: "Kayo ang AKING mga saksi," wika ng PANGINOON, 'na AKO ang DIYOS'" (Isaias 43:12).

>>Umaasang ang iba'y maaakit sa KANYANG mga tao, ang DIYOS ay naglaan ng tuntunin sa KANYANG mga batas na kinakailangang ang mga Hentil na kalalakihan ay tuliin kung sila'y nagnanais na umanib sa Israel (Exodo 12:48-49). Ang Deuteronomio 10:28 ay nagdaragdag, "Kung magkagayon lahat ng mga tao sa mundo'y makakakitang kayo'y tinatawag sa pangalan ng PANGINOON, at sila'y matatakot sa inyo."

>>Ang DIYOS ay pinili ang Israel upang

isahalimbawa sa mga bansa sa daigdig ang pamumuhay na tunay na umuubra, subalit maliban sa kanilang pampersonal na pagiging saksi, SIYA'y hindi na naglaan para "ipahayag ang ebanghelyo" sa mundo. Ang KANYANG karanasan sa Israel ay dapat nagdala sa atin ng malinaw na hudyat sa kahalagahan ng pagpapakain sa kawan kung ihahambing sa pangangaral sa taga-labas. Gaya ng nasabi na, ang pagpapakain sa kawan ang laging unang tungkulin ng kaparian ng Matandang Tipang Iglesya., at ito'y patuloy na unang tungkulin ng ministri ng Bagong Tipang Iglesya.

>>Ang Israel ay nabigo dahil sila'y hindi namuhay ng sa DIYOS na pamumuhay at kaya hindi na [sila] mabuting mga saksi. "Subalit sila'y di-sumunod o nagkiling ng kanilang pandinig, bagkus ay lumakad sa mga payo at imahinasyon ng masama nilang budhi, at nagsibalik at di-sumulong" (Jeremias 7:24).

>>Ang kasunod na berso'y malinaw na nagpapatibay sa mga propetang pangunahing gawain: "Buhat noong araw na ang inyong mga ama'y magsi-alis sa lupain ng Ehipto hanggang sa ngayon, AKO'y nagpadala sa inyo ng lahat KONG mga lingkod na mga propeta, araw-araw tumatayo nang maaga't ipinapadala sila" (berso 25). Ang sa mga propetang gawain, gaya ng sa mga pari, ay upang magpakain ng kawan, upang magpunyagi na makuhang ang Israel ay maipihit -- upang ilagay silang "pabalik sa daanan" -- nang sila'y maging marapat na mga saksi.

>>Sa Bagong Tipan, halos lahat ng pagpapaalala, panghihimok, at utos ay ibinigay upang mapasigla ang pagsunod at pagyabong ng kaasalan. Si Jesus ay nagsasaad ng sa Kristiyanong responsibilidad na, "Subalit hanapin muna ang Kaharian ng DIYOS at ang KANYANG pagiging makatwiran, at ang lahat ng mga bagay na ito'y idadagdag sa inyo" (Mateo 6:33).

Ang Susi sa Epektibong Pagsaksi

Ang susi sa epektibong pagsaksi ay hindi pangangaral ng ebanghelyo sa publiko dahil lang sa ang DIYOS ay nag-uutos sa Iglesya na gawin ito, bagkus sa pagiging marapat ang kahandaang gawin ito kung kailan ito tumutugma sa DIYOS na layunin. Ang DIYOS ay nag-ukol ng tatlung taon sa paghahanda sa KANYANG ANAK para sa KANYANG pampublikong ministri. Si HESUS ay nag-ukol ng tatlo't kalahating taon sa paghahanda sa mga apostol upang mangaral ng ebanghelyo. Matapos ang kay Pablong kumbersyon, siya'y nag-ukol ng tatlong taon sa disyerto kasama si KRISTO upang maghanda para sa kanyang gawain.

Ang paghahanda, kasama ng sa DIYOS na kagustuhan, ang susi sa pangangaral ng ebanghelyo.

>>Ang paghahanda'y nauuna sa pagpunta sa mundo. Kung hindi, ang saksi ay magiging di-mas mabuti

kaysa doon sa ibinigay ng matandang Israel sa ilalim ng Matandang Tipan. Ang Israel ay nabigo! Ang kanilang kabiguan’y resulta ng miserableng kalidad ng kanilang pagsaksi. Yun ay kulang, mapanlinlang, at madalas ay tandisang kasinungalingan sapagkat sila’y hindi namumuhay gaya ng sa kanila’y itinuro ng DIYOS. Ang kanilang pagkabigo’y kauna-unawa, datapuwa. Sila’y hindi nabigyan ng kagamitang espirital upang gawin ang inasahan sa nila. “Subalit ang DIYOS ay hindi nagbigay sa inyo ng puso upang makahiwatig at mga mata upang makakita at mga tenga upang makarinig, hanggang sa araw na ito” (Deuteronomio 29:4).

>>Hindi rin tayo may ganap na kagamitan upang gawin ang inaasahan sa natin. Paano tayo mangangaral kung tayo’y bahagya nang nakagawa ng ating ipinangaral? Ang mapagmahal, mapagsilbi, mapagsalu-salong mga halimbawa ng mga Kristiyano sa unang mga kabanata ng Mga Gawa’y pabahaging ibinigay upang ipakita ang kanilang espirital na kalagayan kawangki ng kapangyarihang sa pamamagitan ng ganoo’y ang pangangaral ay naisagawa. Tayo’y wala pa sa malapit na antas ng ganoong pagiging espirital.

>>Ang pinaka-epektibong pagsaksi ng Iglesia ng DIYOS ay nagawa bago pa ang mundo’y nakaalam ng mga radyo, telebisyon, *satellites*, *computers*, at *fax machines*. Sa unang dantaon, ang DIYOS ay gumawang makapangyarihan, sa pamamagitan ng mga taong lubos ang kahandaang espirital, at ang kanilang pagsaksi’y napaka-epektibo kaya’t si Lukas ay nagtala na sila’y “nagpabaligtad sa mundo” (Mga Gawa 17:6).

>>Tayo, sa kabilang banda, ay kalalabas [lang] mula sa espirital na organisasyong palubog nang maraming taon, higit na matagal na panahon mula kay Herbert W. Armstrong na kamatayan. Pagkakahati-hati sa Iglesia, pandoktrinang kalituhan, at ang nananamlay na saloobin -- pagpayag na ang mga tao’y halos maitaboy pabalik sa mundo nang halos wala kahit pabulong [na pamumuna] -- ang katibayan ng ganito. Si *Mr. Armstrong* ay nagpunyaging masigabo sa kanyang huling pitong taon upang mapanumbalik ang Iglesia sa daanan (*back on the track*). Sa doktrina, siya’y nagtagumpay nang malawak din, subalit siya’y hindi na nakalapit magtagumpay na ipihit ang sa mga taong saloobin sa kung ano ang tama.

>>Ngayon ay sa ministri nang responsibilidad na pagpunyagiang magawa na ang sa Iglasyang mga miyembro’y mamuhay sa DIYOS na pamumuhay nang masigabong muli, yumabong sa grasya at kaalaman (*grace and knowledge*) ni HESUKRISTO, nananangang mahigpit sa anumang sa kanila’y naibigay. Kung kailan ang pastor ay matamang nagtutuon ng pansin sa pangangaral ng ebanghelyo sa publiko, siya’y hindi epektibong makapagpapakain sa kawan, na ang pansin ay matutuon kung saan ang sa pastor na pansin ay

nakatuon. Ang isang tao’y hind makapaglilingkod sa dalawang mga amo (Mateo 6:24).

Tusong Panganib

>>Tusong panganib ang kubling nakaabang kung kailan ang pangangaral ng ebanghelyo sa mundo ay pangunahing pinagtutuunan. Kahit ang indibidwal na kasapi’y may mabuting pakiramdam na siya’y may ginagawa bilang bahagi ng nakikitang gawain, siya’y pwedeng sa katunayan ay nalululong na magpabaya sa kanyang pinakamahalagang mga responsibilidad: makapanagumpay (*overcoming*) at magpamalas ng maka-DIYOS na personal na saksi (*personal witness*) sa mundo. Ang pagiging abala sa paggawa ng panlabas na gawain ay mapanlinlang na naitutumbas sa pagiging makatwiran. Pagpapabuti sa estadistika o *statistics* ang nagiging sukatan ng pag-unlad. Habang ang katawan [bilang o dami ng kabilang sa Iglesia] ay ‘yumayabong’, ang pangangailangang sugpuin ang kasalana’y tila nawawala. Wari’y ang ‘pagliligtas’ sa ibang tao’y mas madali kaysa trabahuhin ang ating mga sarili. Ngunit tayo’y kailangang gumawa’t buong hirap na tanggalin ang biga palabas sa ating sariling mga mata bago tayo magsimulang sabihin sa iba ang kanilang mga problema (Mateo 7:1-5).

>>Noon, ang karaniwa’t pinaghahawakang konsepto’y ang kasapi ang [dapat] “manalangin at magbayad” (*pray and pay*). Bagama’t ako ay walang alam na ministro na talagang nangaral ng ganito, ang mga kasapi’y tiyak na nakadama na ang ganito’y totoo. Karamihan, sila’y “*out of the loop*” o nasa labas ng pabilog, isang problemang maisisipi sa pang-gubyernong mga paniwala at patakaran.

>>Ganunpaman, bawat kasapi ay pantay na mahalaga sa katawan, gaya ng kay Pablong ipinapakita sa Roma 12 at Corinto 12. Bawat isa’y binigyan ng mga handog (*gifts*) ng DIYOS upang gawin ang kanyang tungkulin, na ang pangunahing tungkulin ay ipangaral ang ebanghelyo sa pamamagitan ng kanyang personal na halimbawa. Ang pagpapaunlad sa mga handog na ito’y kabuhay-buhay na tungkulin ng Iglesia. Ating pinaunlad ang mga ito habang tayo’y nananagumpay at yumayabong (*overcoming and growing*), sumasali sa pagpapakain sa kawan, at ginagawang personal na saksi ang ating buhay.

>>Kung kailan ang mga handog ay hindi napapaunlad, ang pangkalahatang tungkulin ng Iglesia’y nagiging hungkag, sa pinakamadaling salita, at ang sa Iglasyang dating ay nagiging karnal. Samakatuwid, ang sa indibidwal na relasyon sa DIYOS ang dapat isulong anuman ang maging kabayaran, kung hindi ang kalidad ng lahat na ay magdurusa kapagdaka.

Ang Wakas ng kay Herbert W. Armstrong na Ministri

sa KANYANG gawain.

Bakit Magbabago Ngayon?

>>Bakit ang DIYOS pumili na bigyang diin ang ibang bagay naman? Tayo'y di-nakakaalam nang eksakto kung bakit, ngunit ating alam na may pagbabagong naganap. Ang DIYOS ay hindi sinabi sa Israel sa kaparangan kung bakit SIYA'y bumabago ng mga direksyong [patutunguhan]. Ngayon ang panahon upang pakilusin ang pananampalataya at pagtitiyaga.

>>Ang DIYOS ay maaaring nagsagawa ng ganitong pagbabago dahil SIYA'y nagsasagawa ng mga paghula. And DIYOS ay nagsasabi sa Daniel 12:7, "Kung kailan ang kapangyarihan ng banal na mga tao'y kumpletong madurog, lahat ng mga bagay na ganito'y magwawakas." Muli, sa Amos 8:11, "Masdan, ang mga araw ay darating,' sabi ng PANGINOONG DIYOS, 'na AKO'y magpapadala ng taggutom sa kalupaan, hindi ng taggutom sa tinapay, o kauhawan sa tubig, bagkus sa pagkadinig sa mga salita ng PANGINOON."

>>Makukuhang magkasama, ang mga pagsasaad na ito'y nagpapahiwatig na may pintunging panahon na ang tuluy- tuloy na pagdalisdid ng pagkadinig sa DIYOS na Salita ay magsisimula (ipinangangahulugang kahit pinakabahagya'y dadalang o dadalisdid ang pampublikong pangangaral). Kung, bilang reaksiyon sa Israel na katigasan ng puso, ang DIYOS ay nagtatadhanang ang ganito'y maganap ngayon, hindi ba't walang kapararakan na ating kontrahin ang KANYANG kagustuhan? SIYA ba'y susuporta sa sinumang nagpupunyagi laban sa KANYANG kagustuhan? KANYA bang gusto na ating ipangaral ang ebanghelyo -- sa pagnanais nating maging saksi sa pinakarami nating kakayahin -- sa kabila ng kung ano NIYANG sinasabi na KANYANG isinasakatuparan? Hindi ba't mas mabuti para sa ating magtuon ng pansin sa mga bagay na ating kayang tamuhin sa pamamagitan ng pangangaral sa kawan?

>>Ang kay Herbert W. Armstrong na liham noong Marso 19, 1981 ay nagdaragdag:

"Ako'y nagtungo sa napakahaba na sa liham na ito upang ipakita sa inyo kung paano ang DIYOS ay nagsasagawa ng KANYANG gawain sa mga tao sa pamamagitan ng isang tao sa bawat panahon. KANYANG tanging inihanda ako para sa gawaing KANYA akong tinawag upang gawin. Ako'y nakakaalam na walang iba pang naihanda nang ganito."

>>Ang DIYOS ay hindi may-akda ng kalituhan. SIYA'y hindi nagtindig ng mga taong magkukumpitensyahan sa isa't isa. Kung kailan SIYA'y nagtindig ng mga pinunong magkapareho ng

>>Marami sa atin ang may espirital na pamanang maigting na naka-angkla sa ministri ni Herbert W. Armstrong. Tayo'y may utang na malaki sa kung anong ating alam at kung ano tayo [ngayon] sa DIYOS na pagsasagawa sa pamamagitan niya. Gayunpaman, siya'y nag-angking walang taong nagturo sa kanya.

>>Sa isang mahabang liham sa kapatiran at mga ka-trabaho ay kanyang sinabi, "Walang taong nagturo sa akin nitong mga katotohanan. Kagaya na ang orihinal na mga apostol ay tinuruan ni HESUS nang personal, ako man ay naturuan ni HESUKRISTO sa nasusulat. Ito'y parehong salita -- parehong pagtuturo" (Marso 19, 1981, p. 5). Hindi niya ibig sabihin na siya'y di-nagbasa o nagsaliksik sa sinulat ng ibang mga tao tungkol sa pambibliyang mga paksain, manapa'y ang espirital na katotohana't pagkaunawa ay buhat sa Salita ng DIYOS.

>>Sa bandang huli ng liham siya'y nagdagdag, "KANYANG ginamit ako sa pagtatayo ng *Philadelphia era* ng KANYANG Iglesya -- at sa pagpoproklama ng KANYANG ebanghelyo sa buong mundo! . . . Ang DIYOS ay hindi kailanman nag-alis ng taong tinawag para sa tanging pamumuno o asignatura o komisyon hangga't [hindi] ang misyon ay nakumpleto." Markahang maigi ang kanyang huling sinabi. Ang kay *Mr.* Armstrong na misyon ay

nakumpleto -- yun ay hindi na pwedeng buhayin. Ang sa Iglestyang Misyon ay nagsagawa na ng pagpihit.

Ang Bibliya'y may maraming halimbawa ng mga gawain ng mga taong gaya ni Noe, Abraham, Moses, Elias, ng mga propeta, at ng unang dantaong mga apostol. Hindi ba't DIYOS ang pumayag na sila'y mabuhay hanggang kanilang nakumpleto ang kanilang gawain? Yun bang mga sumunod sa tanging inatasang mga taong iyon ay gumawa ng parehong trabaho? Si Josue ba'y gumawa ng parehong trabaho na gaya ni Moses? Si David ba'y gumawa ng parehong gawain na gaya ni Samuel? Si Eliseas ba'y gumawa ng parehong gawain na gaya ni Elias? Si Nehemias ba'y gumawa ng parehong gawain na gaya ni Jeremias, Ezekiel, o Daniel? Yun bang mga sumunod sa unang dantaong mga apostol ay gumawa ng parehong gawain? Nasa lohika bang mag-akala na yung mga sumunod kay *Mr.* Armstrong ay gagawa ng parehong gawain na kanyang ginawa? Siyempre, hindi! Ang sa Bibliyang padron ay nagpapakita ng kaibahan.

>>Ang kapanahunang natatangi sa DIYOS na Iglesya ay natapos na. Kung ang DIYOS ay ginustong ituloy ang KANYANG gawain gaya nang sa ilalim ni Herbert W. Armstrong, bakit NIYA hindi pinayagan siyang mabuhay o kaya'y humirang ng eksaktong kapareho niya? Kitang kita, ang DIYOS ay ginusto na ang pagbababago ng diin ay maganap

ranggo sa parehong panahon, gaya ng KANYANG ginawa sa labindalawang mga apostol at kay Pablo, KANYANG inilagay sila sa daigdig upang ang kanilang paglilingkod ay hindi mag-overlap (II Corinto 10:12-16).

Hawakang Maigting Anumang Kayo'y Meron

Ang DIYOS ay nagtatagubilin sa Philadelphia *brethren*, “Hawakang maigting anumang kayo'y meron, nang walang makakuha ng inyong korona” (Rebelasyon 3:11). SIYA'y nagsasabi, hindi [na tayo'y] humawak na maigting sa isang organisasyon, bagkus humawak na maigting sa DIYOS na katotohanan. Paanong ang isa'y mawawalan ng kanyang korona? Sa pamamagitan ng kabiguang humawak na maigting sa KANYANG katotohanan! Ang ganito'y nagsisimulang maglinaw sa pangunahing pinagtutuunan ng nananampalataya habang ang pagbabalik ni HESUKRISTO'y papalapit na.

>>Si KRISTO'y humulang habang tayo'y padating na sa katapusan, “dahil ang paglabag sa batas ay lalaganap, ang pagmamahal ng marami'y manlalamig” (Mateo 24:12). Si Pablo'y nagpapatunay na ang huling mga araw ay magiging “peligrosong mga panahon ng malubhang paghihirap at sigalot [mahirap pakitunguhan at mahirap pagtiisan]” (II Timoteo 3:1, *Amplified Bible*). Mga kagambalaa'y aagaw ng sa Kristiyanong pansin at sasakalin ang kanyang espiritwal na buhay, kung papayagan (Mateo 13:22). Tayo'y mangangailangan ng lahat ng pagtutuong pansin na sa pastol na maibibigay upang panatilihin tayong patungo sa Kaharian ng DIYOS.

>>Ang DIYOS ay nagtatala sa Jeremias 23:28-29:

“Ang propetang may panaginip, hayaan siyang magsabi ng panaginip, at siya na may AKING salita, hayaan siyang mangusap ng AKING salita nang matapat. Ano ang ipa sa trigo?’ sabi ng PANGINOON. ‘Hindi ba’t ang AKING salita’y parang apoy?’ sabi ng PANGINOON, ‘at kagaya ng martilyong dumudurog sa bato nang pira-piraso?’”

>>Ang kaibahan ng sa DIYOS na Salita at ng sa propetang panaginip ay kasinlaki ng kaibahan sa pagitan ng trigo at ipa. Ang sa DIYOS na Salita’y parang apoy, tumatagos, nagpapadalisay, at umuubos sa kasamaan. Ang KANYANG mga tao’y nangangailangang makarinig ng Salitang makapangyarihang ipinaliliwanag upang tulungan silang tumuluy-tuloy sa huling panahon.

>>Si Pablo’y nagdaragdag sa kanyang panalangin para sa Iglesya sa I Tesalonika 3:12-13:

“At nawa ang PANGINOON ay gawin kayong marami at maalab sa pag-ibig sa bawat isa at sa lahat, gaya ng aming ginagawa sa inyo, at nang sa gayo’y

KANYA nawang itatag ang inyong mga puso na walang maisisipi sa kabanalan sa harapan ng ating DIYOS at AMA sa pagdating ng ating PANGINOONG HESUKRISTO kasama lahat ng KANYANG mga santo.”

>>Siya’y sumusulat sa ibang mga pook, “Ngayon ang ating kaligtasa’y mas malapit kaysa noong tayo’y unang maniwala” (Roma 13:11), at “ang gabi’y dumarating kung kailan wala sinumang makapagtrabaho” (Juan 9:4).

Marami Pa sa Aklat ng Rebelasyon

>>Sa kay KRISTONG mga liham sa pitong mga Iglesya sa Rebelasyon 2-3, isa lamang na mensahe ang nagpapahiwatig ng malakas na pampublikong pangangaral (Philadelphia), samantalang may ibang nagpaparamdam sa marahil ay pampublikong pag-e-ebanghelyo (Thyatira). Maraming mga komentarista ang nakikipagtalong ang paggamit ng “bukas na pinto” sa pampublikong pag-e-ebanghelyo ay hindi tiyak. Gayunpaman, bawat mensahe’y naglalaman ng makapangyarihang pagpapaalala na magsisi o panghihikayat na makapanagumpay. Muli, ang diin ay sa paghahanda.

>>Sa kay KRISTONG *Olivet Prophecy* sa KANYANG mga disipulo tungkol sa mga taon bago ang KANYANG pagbabalik (Mateo 24-25), KANYANG binibigyang diin ang personal na mga bagay: pagmamatyag, pagdarasal, pagiging matapat, pagiging handa para sa Nobyong Ikakasal, pagpapaunlad sa angking talento, at pagsisilbi sa kapatiran. Sa katunayan, wala saan man sa Rebelasyon, ang aklat na nagsisiwalat ng panghuling panahong mga pangyayari, na si KRISTO’y pumupuri sa anumang pang-ebanghelyong aktibidad. Kung ang pitong mga kulog ay sumisimbolo sa pagbibigay-saksi ng pitong mga Iglesya, ang Dalawang mga Saksi’y di-lumilitaw hanggang pagkatapos ng sa Iglesyang pinakahuling mga pagbibigay-saksi.

>>Ang Juan 21:15-19 ay nagkukwento ng interesanteng kabanata sa pinakawakas ng kay HESUS na ministri, nang SIYA’y nagtatanong kay Pedro nang tatlong beses, “Ikaw ba’y umiibig sa AKIN?” Matapos ang bawat mga sagot ni Pedro, KANYANG pinapaalalahanan ang KANYANG disipulo na pakainin o arugain ang KANYANG mga tupa. Ang malakas na implikasyon ay ang marapat na pagpapakain sa mga tupa’y hindi magagawa nang walang marubdob na pagmamahal kay KRISTO. Ang pagpapakain sa mga ikinamatay ni KRISTO ay maaaring hindi maluwalhati, ngunit ito’y kailangan, di-lamang para sa maayos na kalagayan ng indibidwal na tupa, bagkus pati na sa pagiging epektibo ng gawain ng buong katawan (o Iglesya).

>>Ang berso 19 ay natatapos kay KRISTONG matalinhagang kautusan, “Sundan AKO.” Sa

konteksto, ang kautusang ito'y pwedeng tumutukoy lamang sa dalawang bagay: pagsunod kay KRISTO sa martir na kamatayan, o sa mas malawak [na kahulugan], pagsunod sa KANYANG paglalatatag ng KANYANG buhay para sa ikaaayos ng kalagayan ng KANYANG mga tupa, na posibleng kasama rin ang pagiging martir. Una dito'y KANYANG sinabi, "Ang mabuting pastol ay ibinibigay ang KANYANG buhay para sa mga tupa" (Juan 10:11). Kahit alin sa ganitong pagkaunawa'y nagbibigay ng *awesome* at makahulugang responsibilidad.

>>Kitang-kita, ang pangangaral ng ebanghelyo'y kasama sa gawain ng Iglesya. Ngunit, mula kay KRISTO at sa mga apostol na mga tagubilin sa Iglesya sa katapusan, ito'y hindi nangunguna sa kanilang mga isip. Ang sa DIYOS na gawai'y pumihit na sa ngayon.

>>Ang pagbabalik-tanaw sa mga bunga ng mga nagsilisan sa WCG at nagbuo ng kanilang sariling mga grupo'y may maituturo [sa atin]. Mayroon ba sa kanilang "nakapagpaliyab sa mundo"? Kahit gaano ka-*charismatic* ang kanilang mga personalidad, gaano man karaming istasyon ng radyo o telebisyon ang kanilang magamit, gaano man kalaki ang kanilang organisasyon, gaano man karaming prominenteng mga pangalan ang sumama sa kanila, o gaano man karaming taon na silang nagsasagawa noon, ang kanilang epekto'y di-gaanong makabuluhan. Bagama't kanilang sinubukan nang may sari-saring antas ng kasigabuhan na mangaral ng ebanghelyo, ang DIYOS ay mukhang hindi binabasbasan ang kanilang mga pagsisikap nang kahit gaanong paglawak. Hindi ibig ipakahulugan nito na ang kanilang ginawa'y kasamaan. Marami sa kanila'y patuloy na umiiral, ngunit ang paglago [nila] upang abutin ang mundo'y [mukhang] napakaliit lamang.

>>Ang ganito'y nakapagpapatanong: "Sino ba tayo't ang DIYOS ay dapat tayong tratuhin nang kakaiba kaysa sa KANYA nang pagtrato sa iba pa?" Tayo ba'y ito, na ang DIYOS ay dapat magbasbas sa atin nang higit pa sa iba sa ganitong sukat ng KANYANG gawain? Ang ating sirkumstansya'y madaling magiging katulad ng sa Israel noong kanilang ikalawang taon sa kaparangan nang sila'y sumubok na pumunta sa lupang [Canaan] matapos ang DIYOS ay magdesisyong kailangan pa nila ng higit na pangkaparangang karanasan. Ang kapangahasa'y hindi nakakaganyak sa DIYOS. Ating dapat na alalahanin na ito'y KANYANG gawain, at tayo'y sa KANYA lamang para gamitin. Ang kagamita'y hindi dapat nagdidikta sa ekspertong gumagamit kung paano ito gagamitin.

>>May panahon sa hinaharap, na ang gawai'y muling pipihit, at ang pangangaral ng ebanghelyo'y muling mapapasa-unahan ng KANYANG isip habang KANYANG pinatatayo ang Dalawang Saksi. Ngayon, datapuwa, ang Iglesya'y nasa sirkumstansyang katulad ng isang kampamento sa

mahabang paglalakbay. Ito'y hindi itinaan para maging panahon ng balintiyak na paghihintay. Tayo'y dapat na masugid na naghihintay sa mga iuutos DIYOS, payapa, listo, nabibigkisan, gumagawa ng matining na mga paghahanda at pagkukumpuni, pinasisigabo ang ating mga sarili, minamahal ang ating kapatiran, at handang kumilos sa dagliang pasabi.

Katangi-tangi at Epektibong Gawain

Aking paulit-ulit na sinabing ako'y hindi kontra sa pangangaral ng ebanghelyo sa mundo. Datapuwa, hiwalay sa maikling makasaysayang pagbuwelo, ito'y palaging pumapangalawa sa pagpapakain sa kawan. Ito'y marapat. Isaalang-alang ang ganitong analogo. Kailangan lamang ng maikling sandal upang magbinhi ng sanggol, subalit ito'y siyam na buwang naglulunoy bago mabuhay nang hiwalay sa kanyang inang katawan. Ilang taon ang kailangan bago ang buong pisikal, emosyonal at espiritwal na pagiging hustong gulang ay natatamo -- tatlumpu, apatnapu, limampu, animnapu, o pitumpung taon? Sa espiritwal na antas, ang sa Iglesyang tungkuling magpakain sa indibidwal ay kalahok mula sa pagbibinhi hanggang sa pagtatamo ng hustong gulang dahil ito'y malaking bahagi ng responsibilidad nito. Kaya naman, ang Bibliya'y nag-uukol ng marami sa mga itinuturo nito sa personal na pananagumpay at pagpapayabong.

>>Nang ang aking maybahay at ako'y naglilimi kung kami'y dapat umalis sa samahan ng WCG, isang malaking isyu na aming kailangang maresolba'y kung kasama ba ang ganito sa paglisan sa Iglesya. Tulad ng halos bawat isa pa, sa amin ma'y naipagdiinang ang paglisan sa WCG ay katumbas ng pag-alis sa Iglesya. Unti-unti, kami'y dumating sa pagkakita na ang Iglesya'y espiritwal na organismo, hindi nakapiit sa pantao't korporatibong mga hangganan, at [kami'y] nakadama ng kumpiyansa na aming pwedeng iwan ang WCG na hindi iniwan ang espiritwal na Iglesya. (Hilingin ang aming babasahing "Guard the Truth" para sa higit pang impormasyon.)

>>Nang kami'y umalis, walang nabago tungkol sa anuman ako sa halos buong kumberted kong buhay mula nang [ako'y] binyagan noong 1959. Noong 1966, ako'y itinalagang *elder*, at noong 1969, ako'y naging pang-Iglesyang pastor. Doon ako inilagay ng DIYOS sa paglilingkod sa KANYANG Iglesya. Ako'y nananatili sa espiritwal na organismo, at ako'y nananatiling pang-Iglesyang pastor. Ang DIYOS ay hindi biglang ginawa akong apostol dahil lamang ang samaha'y nagbago!

>>Kung magkagayon, kailangang tingnan ang marami sa ating mga yamang gamit at suriin kung ano na ang naibunga ng gawaing ito sa maikli nitong buhay. Kakaunti lang sa amin ang may dating propesyonal na karanasan tungkol sa aming

ginagawa ngayon. Kinailangan naming matutuhan ang lahat mula umpisa o *'from the ground up'*.

>>Gayunpaman, wari'y ating dapat na ituloy ang ganitong paraan. Tayo'y nangangailangan ng panahong paunlarin ang iba upang magdala ng bahagi ng dalahin, na siya namang naisasagawa. Ang mga tao'y nagko-kontribusyong may pagkabukas-palad ng kanilang karanasa't kaalaman. Sila'y yumayabong at nakalilikha ng papahigit na mabuting materyal. Sa ngayon, ang pinakamatalinong pagpili'y panatilihin itong gawain sa makitid nitong pinagtutuunan, upang ang ating mga enerhiya at mga talento'y di-masayang sa paggawa ng napakaraming mga bagay na sa huli'y nakalilikha nang walang kapakinabangan.

>>Tayo'y gumagawa ng gawaing wala sinuman sa malalaking mga grupong umalis sa WCG sa kamakailang mga taon ang nagsasagawa. Sa paggawa ng mga sermon, mga artikulo, at mga babasahin upang pakainin ang kumberted na mga tao, tayo'y nagtuturo ng Kristiyanong pamumuhay na mga prinsipyo sa higit na detalyado, espesipiko, at malalim na paraan kaysa sa ibang tinangka na. Malayo sa pagiging makasarili, ating binabahaginan ng anumang meron tayo yung iba -- at hindi lang sa mga Iglesyang miyembro. Ang mga babasahin at *tapes* ay natatagpuang pandaigdig ang pamamahagi. Tayo'y nangangaral ng ebanghelyo!

>>Ang ebanghelyo ng Kaharian ng DIYOS ay tungkol sa Hari nito't mga batas, teritoryo at mga taong nasasakupan, na sumasaklaw sa halos lahat ng bagay sa Bibliya. Sa pagdaragdag dito ng napakalawak na mga uri ng terminolohiya na sa mga apostol na ginamit sa paglalarawan nito, ang ebanghelyo'y kabuuan ng sa DIYOS na Salita, ang katotohanan. Si Pablo'y tinawag itong "ang buong bilin ng DIYOS" (Mga Gawa 20:27). Kung kailan ito naipapangaral sa mundo, sila'y nakakarinig lamang ng makitid na tilad ng katotohanan. Ang napakalaking bunton ng mensahe'y nakalaang ipangaral sa kumberted na mga Kristiyano upang mapapino at mapahustong gulang sila.

>>Tayo'y nagsasagawa ng epektibo't mahalagang gawain, nakatutok sa ganitong panahon -- pangunahin sa kumberted na mga tao. Ito'y kailangan at mahalagang gawain. Sa ganitong pamamaraan, tayo'y naglilingkod sa mga tao gaya ng kanilang pangangailangang mapaglingkuran upang ihanda ang kanilang mga sarili kay KRISTONG pagbabalik. Ang Nobyang Ikakasal ay dapat ihanda ang kanyang sarili (Rebelasyon 19:7). Tayo'y nagpupunyaging masiguro na bawat miyembro ng kay KRISTONG katawan ay may sapat na panustos ng "langis" na laang makukuha sa kanyang paghahanda (Mateo 25:1-13).

>>Si KRISTO'y nagsasabi sa Juan 6:63, "Ang mga salitang AKING sinasabi sa inyo ay espiritu, at ang mga ito ay buhay." Kung tayo'y magpapatuloy na mangaral ng kay KRISTONG mga salita sa

KANYANG mga tao, ating mabibigyan sila ng mapagkukunan upang makapanagumpay at yumabong tungo sa espirital na perpektsyon.

Lagom

*Ang salitang "Ebanghelistang" ay unti-unting nabago mula sa pagkakagamit patungkol sa mundo at napunta sa mataas na tungkulin sa loob ng Iglesia. Sa ganitong modernong kapanahunan, si Herbert W. Armstrong, isang apostol, ay nagsagawa ng pampublikong pangangaral, at ang mga ebanghelistang'y namahala sa panloob na pang-Iglesyang gawain.

*Ang DIYOS ay naghintay ng apat na libong taon bago NIYA iniutos ang pangungumberteng gawain sa Iglesia noong ministri ni HESUKRISTO.

*Ang Israel ay nabigo sa pagiging saksi nito. Ag susi sa epektibong pagsaksi'y puspulang paghahanda, at kung kailan natin pabayaang ang ating indibidwal na kaugnayan sa DIYOS, ang gawaing ating ginagawa para sa KANYA'y nagdurusa nang walang kasukatan.

*Isang tusong panganib na likas sa pagtutuo sa pangangaral ng ebanghelyo ang sa miyembrong pagtutulad sa kanyang suporta dito sa pagiging makatuwiran.

*Kung kailan ang DIYOS maghanda ng isang tao upang gumawa ng isang gawain, KANYANG pinapayagan siyang mabuhay na may katagalang sapat upang tapusin ito.

*Ang mga tagubilin sa huling panahong Iglesia, laluna sa Rebelasyon at kay KRISTONG *Olivet Prophecy*, ay nagkakaisa: Humawak nang maigting at siguruhing kayo ay espirital na handa kay KRISTONG pagbabalik.

*Ang DIYOS ay tila hindi lubhang nagbabasbas sa mga pagtatangka ng mga ibang mangaral ng ebanghelyo sa mundo. Marahil ang kasunod na epektibong pampublikong pangangaral ay yung sa Dalawang Saksi.

*Ang Iglesia ng Dakilang DIYOS ay nangangaral ng ebanghelyo, ngunit pangunahin sa kumberted. Ang DIYOS ay nagbabasbas sa atin sa ating ginagawa, at kung tayo'y magpapatuloy na bigyang kasiyahan SIYA, KANYANG bubuksan ang pinto nang angkop sa ating pagkukunan.

Konklusyon

Tayo'y kailangang magwaksi sa di-totoong konsepto na ang tanging paraan upang gawin ang gawain ay mangaral ng ebanghelyo sa mundo. Ang sa DIYOS na Salita ay malawak na ipinapaliwanag kung ano KANYANG gawain: "At noon ay nagsabi sila sa KANYA, 'Ano ang aming gagawin, nang aming magawa ang gawain ng DIYOS?' Si HESUS ay sumagot at sinabi sa kanila, 'Ito ang gawain ng DIYOS, na kayo'y maniwala sa KANYA na KANYANG ipinadala'" (Juan 6:28-29). SIYA'y hindi gumamit ng 'maniwala' sa kahulugang basta sumasasang-ayon sa KANYA bilang Tagapagligtas, kundi sa kahulugan ng pagtitiwala sa pagsunod. Ang paggawa ng tanging gawain ng DIYOS ay pwedeng magbago paminsan-minsan, ngunit ang kay HESUS na paglalahad ay di-kailanman nagbabago.

>>Habang ating nakikita na ang dati nating samaha'y patuloy sa pagdalisdis sa pagbalik sa awi ng mundo, ating nalalaman na ngayo'y mahirap na mga panahon na. Ang Mga Awit 11:3 ay humahamon sa atin nang ganitong tanong: "Kung ang mga pundasyon ay nawasak, ano ang sa makatwirang magagawa?" Ang mga tao'y natatakot kung kailan ang direksyon at pinagtutuunan ay hiram o wala. Subalit ang responsibilidad ay nananatili para sa bawat tao upang magpatuloy na humanap sa DIYOS na katotohanan, patunayan ang lahat ng bagay, ibigin ang mga kapatid, maging mahabagin, mamuhay sa pananampalataya -- sa maikling sabi, gumawa ng wastong mga pagpili. May mga bagay na hindi nagbabago.

>>Tayo'y nagnanais tumulong. Si HESUKRISTO'y gustong tayo'y pinuhin. magbago, yumabong sa maka-DIYOS na kaasalan at pagka-makatuwiran upang ating maisahalimbawa SIYA at maging handa, walang bahid, para sa KANYANG pagbabalik. SIYA'y nagtatakda ng napakataas na pamantayan sa Epeso 4:13: "... tungo sa pagiging perpektong tao, tungo sa sukat at tayog ng kapunuan ni KRISTO." Tayong lahat ay may malayo pang lalakbayin, ngunit ang personal, espirituwal na pagyabong na nauuna sa pagtatatag ng Kaharian ng DIYOS ay pangunahing pinagtutuunan ng sa DIYOS na mga panggaganyak at itinatagubilin. Ito'y pwedeng hindi 'makislap,' subalit ito ang pinaka-importante. Ang ganito'y pumupwersa sa bawat isa sa ating mamuhay sa pananampalataya nang higit ang lawak kaysa basta lang sa pagsuporta kaninuman na nagsasagawa ng gawain. Sa ganitong paraan, **kayo ang gawain.**

>>Ang ganitong mga panahon ay higit na lito kaysa sa normal (na kalagayan). Dahil bawat tao'y responsable sa pagpili, kami'y humihimok sa inyong humingi sa DIYOS ng dunong at magbigay ng maingat na pag-isip kung ano ang inyong papayagang sa inyo'y maipakain. []

Paglalahad ng mga Pinaniniwalaa n

>>Ang sumusunod na pandoktrinang paglalahad ay dinisenyo upang maging malaman bagamat maikling pagtalakay sa bataya't pambibliyang mga turong pinaniniwalaan at itinuturo ng Church of the Great GOD (CGG). Sa paglalahad ng bawat doktrina, ito'y hindi intensyong ganap na pag-aaral, hindi rin kinukumpleto ang mga turo ng CGG. Ito'y batayang pandoktrinang balangkas na pumapalibot sa DIYOS na kagulat-gulat na layunin at balak.

>>Ang pang-eskriptong sangguniang seksyon kasunod ng bawat paglalahad ay may mga berso o pagsasaad na sumusuporta sa doktrinang iyon. Ang mga sangguniang ito'y hindi intensyong ganap na listahan. Tingnang marami sa mga eskripto'y makikita sa ilalim ng ilang mga paglalahad, dahil ang mga iyon ay angkop sa bawat kaso.

DIYOS: Ang DIYOS na Pamilya

Ang DIYOS ay walang hanggan, nakababatid sa lahat, kataas-taasan, nakapangyayari sa lahat, lumilikha, namumuno, at nagbibigay-buhay na espiritu ng Pamilya (*Elohim*). Ito'y isa at perpekto ang kaasalan, pag-ibig, at layunin. Sa pamamagitan ng balak nito para sa mga tao, ang pangkalahatan nitong layunin ay palawakin ang Pamilya at kung magkagayon ay ibahagi ang maringal nitong kaluwalhatian nang buong walang hanggan. Sa kasalukuyan, ang DIYOS na Pamilya'y binubuo ng DIYOS AMA at ng DIYOS ANAK.

>>Genesis 1:1, 26; Deuteronomio 6:4; Nehemias 9:6-8; Mga Awit 2:2, 7, 12; 8:1-9; 19:1; 110:1; 139:1-10; Isaias 40:12-17, 25-26; 44:6; Daniel 7:9-10; Juan 1:1, 14; 4:24; 14:8-9; Roma 1:20; 8:29; Epeso 1:3-5, 9-10; 3:14-15;

Colosa 1:12-18.

DIYOS: Ang DIYOS AMA

Ang DIYOS AMA ang kataas-taasang pinuno ng sanglibutan. SIYA ang tinutukoy at pinagtutuunan ng ating pagsamba at ang Nabubuhay kung Kanino ang KANYANG mga anak ay nagdarasal. KANYANG ipinadala si HESUKRISTO sa daigdig at tinagubilinan SIYA kung ano ang sasabihin at gagawin. Sa AMANG layunin ang makasundo ang KANYANG nililikha at madala ang maraming mga anak sa kaluwalhatian. KANYANG naisasakatuparan ang KANYANG kagustuhan sa pamamagitan ng Banal na Espiritung sa pamamagitan noo'y KANYANG tinatawag, pinapagmulimbuhay, at sa proseso ng kumbersiyon ay pinagpapanibago ang KANYANG bagong mga anak na maging KANYANG kalarawan at maging KANYANG kaluwalhati sa pamamagitan ng resureksyon. SIYA'y tuwirang kalahok sa buhay ng bawat indibidwal na KANYANG tinatawag, at ginagawaran sila ng KANYANG mga banal na katangian habang sila'y tumatalima sa KANYA.

>>Mga Awit 110:1; Daniel 7:9-14; Mateo 11:27; Juan 1:1-2; 5:17, 20, 22-23, 36-37, 43; 6:44; 8:27-29, 38; 10:18, 29; 12:50; 14:8-9, 28; 16:27; 17:5, 20-21; I Corinto 15:24-28; Epeso 3:14-15; 4:4-6; Hebreo 1:1-2; 2:3-9; Rebelasyon 21:22-23; 22:1, 3.

DIYOS: Ang DIYOS ANAK

Si HESUS ng Nazareth ay ang DIYOS ng Matandang Tipan, ang KRISTO, DIYOS na nag-anyong tao, ang hinulaang Mesiyas, ang Tagapagligtas ng sangkatauhan. SIYA'y buhay nang walang hanggan kasama ng KANYANG AMA, at lahat ng mga bagay ay nilikha sa pamamagitan NIYA at para sa KANYA. Bago sa KANYANG pantaong kapanganakan, KANYANG inihayag ang KANYANG sarili sa mga ama (ng Israel) bilang "ang pang ibang mga pangalan. KANYANG tinanggalan ang KANYANG sarili ng kamaharlikaan ng KANYANG katungkulan upang maging tao sa pamamagitan ng pagsisilang sa KANYA ng birheng Maria. Bagama't naharap sa tukso sa lahat ng puntos tulad ng ibang mga tao, SIYA'y namuhay nang walang kasalanan sa KANYANG buong buhay, ibinigay ang KANYANG sarili upang maipako sa krus bilang perpektong pambayad sa sangkatauhang

mga paglabag sa mga batas ng DIYOS. Matapos ang tatlong araw at tatlong gabi sa libingan, SIYA'y binuhay na muli bilang banal na espiritung Buhay at Mataas na Saserdote, Tagapagtaguyod, at Tagapamagitan sa harapan ng AMA. Bilang ganoon, SIYA sa teknikal na kahulugan Tagapamahagi ng Banal na Espiritu. SIYA ngayon ang Pinuno ng Iglesya, at babalik na bilang Hari ng mga hari at Panginoon ng mga panginoon upang itatag ang Kaharian ng DIYOS sa daigdig, ibabahagi ang KANYANG pamumuno sa KANYANG muling binuhay na mga kapatid na lalaki at babae.

>>Juan 1:1-3, 10, 14, 29-36; 8:53-58; Colosa 1:13-20; Juan 3:16; Roma 5:8-9; Mga Gawa 2:33-35; Juan 15:26, 16:7; Epeso 4:7-8; I Juan 2:1-2; Hebreo 1:1-4; 2:9-14; 4:14-16; 9:11-15; Epeso 1:19-23; Pilipos 2:5-7; Mateo 12:40; I Tesalonika 4:16; Rebelasyon 5:9-10; 11:15; 19:11-16.

BANAL NA ESPIRITU

Ang Banal na Espiritu'y kapangyarihan ng DIYOS -- hindi isang persona, kamalayan, *entity*, bahagi ng *godhead*, o bahagi ng *trinity*. Ito'y kaisipan at esensya ng banal na kalikasan at espirital na ekstensyon ng DIYOS na sa pamamagitan nito'y KANYANG isinasakatuparan ang KANYANG kagustuhan. Iginagawad o ibinubuhos sa mga indibidwal, ito'y pinagmumulan ng pagpapanibagongbuhay sa pamamagitan ng DIYOS bilang KANYANG mga anak. Ang sa DIYOS na Espiritu'y nagbibigay-kapangyarihan sa isip upang umunawa ng espirital na mga bagay, lumilikha ng kumbersyon. Ito'y nag-aakay sa atin tungo sa lahat ng katotohanan; nagpapatunay sa ating kasalanan at pagka-makatwiran; nagdudulot ng pananampalataya, pag-ibig ng DIYOS, kapangyarihang makapanagumpay sa kasalanan, at iba pang mga handog na esensyal upang magawa ang KANYANG kagustuhan. Ito ang antisipo o garantiya ng walanghanggang buhay

>>Genesis 1:2; Mga Awit 104:30; Isaias 11:2; 32:15; 40:13; Ezekiel 39:29; Joel 2:28-29; Juan 7:37-39; Lukas 24:49; Mga Gawa 1:8; 8:15-17; Roma 8:9-14; Juan 14:16-17, 26; I Corinto 2:9-16; 12:4-11; II Timoteo 1:6-7; II Pedro 1:2-4; Epeso 1:13-14.

ANG BIBLIYA

Ang nakasulat na Salita ng DIYOS, ang Banal na Bibliya, bumubuo ng rebelasyon ng DIYOS sa tao, at kapakipakinabang para sa taong kumpletong espirital na kaalaman, pang-unawa, at pagyabong tungo sa kaligtasan. Banal na mga tao ng DIYOS, inspirado ng Banal na Espiritu sa pamamagitan ng sari-saring pamamaraan, ang nagtala ng katotohanang inihayag sa kanila. Naipaabot sa ating *fundamentally* malaya sa kamalian, ang Salita ng DIYOS ay totoo at puro. Ang buong *canon* ng Eskripto, nakumpleto ng aklat ng Rebelasyon, ay kasama yung animnapu't anim na mga aklat ng

pinagsanib na Matanda at Bagong mga Tipan. Ang pangunang layunin nito'y ipahayag ang DIYOS, ang KANYANG layunin, at ang proseso ng pagliligtas sa tao. Ang Bibliya, datapuwa, ay hindi pilosopiya para sa malayang interpretasyon, bagkus sa pamamagitan ng pagsasama-sama sa lahat ng may kinalamang mga eskripto at sa paggamit ng inspirasyon ng Banal na Espiritu, ang isang tao'y makakaunawa ng sa DIYOS na intensyon at ibig ipakahulugan.

>>II Timoteo 3:15-17; II Pedro 1:21; Hebreo 1:1-2; Juan 17:17; Mga Kawikaan 30:5; Mateo 5:18; Juan 10:35; Isaias 8:16; Lukas 24:44-45; Rebelasyon 22:18-19; II Pedro 1:20; Isaias 28:9-11; I Tesalonika 5:21; Mga Awit 119:33-40, 97-99, 172.

MGA ANGHEL

Mahabang panahon bago pa likhain ang tao at ang daigdig, ang DIYOS ay lumikha ng makapangyarihang mga *spirit beings* upang maging KANYANG mga ahente't mensahero. Nilikha ng maraming porma't magkakaibang mga tungkulin, ang DIYOS ay binigyan din sila ng *free moral agency*. Marami, sa pangunguna ng *cherub* na si Lucifer, na ngayo'y ang tawag na'y satan, ang kaaway, ay pumiling mag-rebelde laban sa pamahalaan ng DIYOS at binago ang kanilang sarili na maging mga demonyo. Dalawa lamang na anghel ang pinangalanan sa Bibliya: sina Miguel at Gabriel. Ang natitira, matapat na mga anghel ang ngayo'y gumaganap sa tungkuling tagapaglingkod na mga espiritu upang tulungan ang sangkatauhang makapagtamo ng kaligtasan.

>>Hob 38:7; Mga Awit 91:11-12; Ezekiel 1:5-14; 28:14-17; Isaias 14:12-15; Epeso 6:12; Daniel 10:13; Rebelasyon 12:7; Lukas 1:19; Hebreo 1:7, 14.

SI SATANAS AT ANG MGA DEMONYO

Orihinal na nilikhang tumatakip na *cherub* at nabigyan ng malaking kapangyarihan at kagandahan, si satanas ay naging iba bilang kaaway sa pamamaraang kapalaluan, na naghantong sa kanya sa pag-aaklas o *rebellion* laban sa pamahalaan ng DIYOS. Mula sa una nilang estado dito sa lupa, kanyang pinangunahan ang sangkatlo ng kanyang mga kapwa upang sumalakay sa DIYOS sa langit, na SIYANG nagtaboy sa kanilang pababa sa lupa sa pagkatalo na kung saan sila'y nananatiling napipigil hanggang sa araw na ito. Bilang diyos ng mundong ito at sa taong mortal na kaaway, si satanas ngayon ay gumagamit ng kanyang kapangyarihan at kagandahan upang linlangin ang lahat ng sangkatauhan. Siya at ang kanyang mga demonyo, bagama't sila'y natalo na at ang kanilang kapalara'y selyado [na rin], ay ginagawa ang lahat nilang pwedeng gawin upang maunsiyami ang sa DIYOS na layunin para sa tao.

>>Ezekiel 28:14-17; Isaias 14:12-15; Hud 6; II Pedro 2:4; II Corinto 4:4; Rebelasyon 12:4, 9; Lukas 22:31; Epeso 6:12; Hud 13; Rebelasyon 20:10.

SANGKATAUHAN

Ang mga tao, nilikhang lalaki at babae sa DIYOS na kaanyuan, ay pisikal, *mortal beings* na ang buhay ay nasa dugo. Datapuwa, ang DIYOS ay naggawad ng espiritung esensya sa mga tao, binigyang kapangyarihan ang tao na magkaroon ng talino at inilalagay siyang malayo ang kataasan kaysa mga hayop. Ang pantaong espiritu'y syang gamit ng DIYOS upang isanib ang KANYANG Espiritu sa tao nang siya'y maging anak ng DIYOS. Pagkamatay ng tao, ang kanyang kamalayang pag-iisip ay humihinto, ang kanyang espiritu'y bumabalik sa DIYOS na nagbigay noon, at ang kanyang katawa'y bumabalik sa alabok. Sa DIYOS na layunin para sa tao ang siya'y makapasok sa Pamilya ng DIYOS sa pamamagitan ng pagpupunla ng KANYANG Espiritu at kapagkuwa'y maisilang na muli sa pagpapanag-uling buhay o *resurrection* buhat sa patay tungo sa imortalidad at kaluwalhatian.

>>Genesis 1:26-27; 2:7, 17; 3:19; Mga Awit 146:3-4; Ang Mangangaral 3:19; Ezekiel 18:4, 20; Hob 32:8; Zacarias 12:1; I Corinto 2:11; Hebreo 12:28; I Timoteo 6:15-16; Roma 8:29; I Corinto 15:44, 50-54.

EBANGHELYO

Ang ebanghelyo ay ang mensaheng ipinangaral ni KRISTO at ng KANYANG Iglesia. Ang pinagtutuunan nito'y ang sa DIYOS na layunin at balak na likhaing marami ang KANYANG sarili. Si KRISTO, Juan Bautista, at ang mga apostol ay tinatawag itong "ebanghelyo ng Kaharian ng DIYOS", subalit ang sa Bibliyang mga manunulat ay gumagamit ng mahigit isandosenang iba pang mga katawagan upang ilarawan ito. Sa ultimo, ito ang kumpletong mensahe ng buong Matanda at Bagong Tipan, naglalaman ng mensahe kung ano ang sa DIYOS AMA at sa KANYANG ANAK na ginawa, ginagawa, at gagawin pa upang maisakatuparan ang KANILANG layunin. Ito'y naglalaman ng detalyadong impormasyon ng Hari, mga nasasakupan, mga batas, at teritoryo ng Kaharian ng DIYOS at kung paano ang sangkatauhan ay maaaring maging bahagi nito.

>>Mateo 3:2; 24:14; Marcos 1:14; Mga Gawa 28:31; Roma 1:1, 16; 2:16; 15:16; Epeso 1:13; 6:15; Rebelasyon 14:6.

KAHARIAN NG DIYOS

Ang Kaharian ng DIYOS ay ang lumilikha at namumunong Pamilya ng DIYOS na malapit nang mamamahala sa gobyerno o pamahalaan ng DIYOS sa lupa. Bagama't ang Kaharian ng DIYOS ay hindi ngayon namumuno dito sa lupa, yung may sa DIYOS na Espiritu ay nasa ilalim ng pamumuno nito sa kanilang mga buhay. Pag Si HESUKRISTO'y bumalik na, KANYANG itatatag ang pamumunong ito sa lupa, at ang mga santo, nangabuhay na muli bilang espiritung mga hari at mga pari, ay

mangagsisipagharing kasama NIYA sa loob ng isanlibong taon. Kasunod ng pangalawang kamatayan at ng Lawa ng Apoy, ang Kaharia'y makukumpleto ang kaganapan kung kailan ang DIYOS AMA ay bababa mula sa langit upang maghari nang buong walang hanggan buhat sa Bagong Jerusalem.

>>Daniel 2:44; Isaias 2:2-4; 11:1-10; Mikas 4:1-4; Marcos 4:11; Juan 3:3-7; I Corinto 15:50-54; Colosa 1:13; Hebreo 11:13-16; Mateo 25:31; 20:21; Rebelasyon 2:26; 5:10; 19:16; 20:4-6, 12-15; 21:1-4, 7.

KALIGTASAN (SALVATION)

Ang kaligtasan, malayang ibinibigay na handog mula sa DIYOS AMA, ay ang pamamaraang sa pamamagitan nito'y ang isang tao ay maililigtas mula sa parusa sa kasalanan at mabibigyan ng walang hanggang buhay. Ang proseso ng kaligtasan ay nagsisimula sa DIYOS na pagtawag, pagbubukas ng isip tungo sa espiritwal na katotohanan. Ito'y humahantong sa pakikipagkasundo sa DIYOS sa pamamagitan ng pananampalataya sa sakripisyo ni HESUKRISTO para sa kapatawaran ng mga kasalanan, buhat doo'y sa pagsisisi tungo sa DIYOS, pagpapabinyag, pagtanggap ng Banal na Espiritu, santipikasyon sa kabanalang daraan sa pamumuhay na nananagumpay, pagkabuhay na muli at pagkaluwalhati bilang Diyos. Bagama't ang kaligtasan ay hindi matatamo sa pamamagitan ng mga gawain sa batas, ang pagsunod sa Sampung Utos ay kinakailangan bilang kundisyon upang tumanggap ng kaligtasan. Bawat isa, sa panahong DIYOS ang pumipili, ay magkakaroon ng pagkakataon para sa kaligtasan.

>>Epeso 2:4-10; Juan 6:44-45; Mga Gawa 20:21; Roma 5:8-11; 6:1-6, 15-18; Epeso 1:13-14; II Tesalonika 2:13-14; I Pedro 1:2; II Corinto 7:1; Hebreo 12:14; Roma 8:29-30; II Corinto 3:18; I Juan 3:1-2; I Corinto 15:35, 42-44; Roma 2:12-13; Santiago 1:25; Mateo 19:17; Juan 14:15; I Corinto 15:21-23, 50-54; Rebelasyon 20:4-15.

MGA BATAS AT MGA UTOS NG DIYOS

Ang mga batas ng DIYOS ay nasusulat na ekspresyon ng kaasalan, isip, at kagustuhan ng DIYOS para sa KANYANG mga tao. Ang mga ito'y lumilitaw sa Matanda at Bagong Tipan, nagtuturo kung paano iibigin at sasambahin ang DIYOS, iibigin ang kapwa tao, at maghahanda para sa walang hanggang buhay sa Pamilya ng DIYOS. Ang mga ito'y sumasaklaw sa pisikal na mga pagkilos at espiritwal na mga motibo. Ang Sampung Utos ay ibinigay na deretso ng DIYOS mismo, isinakodigo ni Moses, at pinagliwanag at niratipika ni HESUKRISTO. Perpektong espiritwal na batas, ang mga ito'y laging umiiral kahit na ang isang tao'y nakabatid o hindi sa mga ito. Ang pagsunod sa mga ito'y nagdudulot ng mga biyaya, ang pagsuway

ay nagbubunga ng mga pagkasumpa. Pag lumabag sa mga ito'y magkakasala at makakamit ang kamatayang parusa. Sa pagtalima sa batas ng DIYOS, ay maipapakita ang pagpapasakop sa gobyerno ng DIYOS, na isang kundisyon para sa walang hanggang buhay.

>>Mga Awit 19:7-11; Roma 7:7-12, 14; Exodo 20:1-17; Mga Awit 119:172; Juan 15:14; I Juan 2:2-3; 5:2-3; Mateo 22:36-40; Isaias 42:21; Mateo 5:17-32; 19:17; Deuteronomio 30:15-20; 28:1-15; I Juan 3:4; Rebelasyon 22:14.

KASALANAN

Ang kasalanan ay ang paglabag sa batas ng DIYOS. Ito'y may malawak na aplikasyon dahil ang kasalanan ay masasabing lahat ng pagiging hindi makatwiran, hindi pagtama sa marka, o hindi pag-abot sa antas ng kaasalan ng DIYOS. Kahit anong hindi sa pananampalataya ay kasalanan, at kung kailan ang tao'y nakakaalam paano gagawin ang mabuti ngunit hindi niya ginawa ito, ang ganito'y kasalanan din. Ang parusa sa kasalanan ay kamatayan sa Lawa ng Apoy. Walang kapatawarang kasalanan ang tahasan, batid, at patuloy na paglabag sa mga utos ng DIYOS. Kasama rin ang tahasang pagwawaksi sa DIYOS na kaligtasan at paglapastangan sa Banal na Espiritu, na syang pagkasuklam sa mga gawain ng DIYOS na ginagawa sa pamamagitan ng kapangyarihan ng KANYANG Espiritu at pagpapatungkol sa mga ito [na buhat] kay satanas. Ang mga kasalanan ito'y hindi mapapatawad dahil yung tao mismo ay hindi magsisisi. Lahat ng kasalanan ay maaaring mapatawad ng sa DIYOS na awa sa pamamagitan ng dugo ni HESUKRISTO.

>>I Juan 3:4; 5:17; Epeso 2:1; Roma 14:23; Santiago 4:17; Roma 6:23; Rebelasyon 20:14; Galacia 5:19-21; Mateo 12:31; Hebreo 10:26-29; I Juan 1:7, 9; Roma 8:1-3.

GRASYA

Ang sa DIYOS na grasya ay syang sigabo o *dynamic* ng kaligtasan. Ang grasya'y nagbabadya ng sa DIYOS na malayang ibinibigay na mga handog. Ito'y napapaloob, hindi lamang sa pagpapatawad sa kasalanan, bagkus ay pati na sa buong proseso ng kaligtasan. Ang grasya'y nagbibigay sa mga tinawag ng anumang kailangan upang maisagawa ang sa DIYOS na layunin upang sila'y magtagumpay. Ang mga tao'y palaging naliligtas sa pamamagitan ng grasya dumadaan sa pananampalataya.

>>Genesis 6:8; Exodus 33:12-17; Roma 3:24; 4:4, 16; 5:2, 15; 11:5-6; 12:3, 6; Hebreo 4:16; 13:9; I Pedro 4:10; II Pedro 1:2; 3:18; I Corinto 12:4-11.

PANANAMPALATAYA

Ang pananampalataya'y aktibong paniniwala sa pag-iral ng DIYOS at masigabong pagtitiwala sa

KANYANG Salita. Ang DIYOS ay nag-uutos sa ating mamuhay sa pamamagitan ng pananampalataya. Bilang pundasyon ng proseso, ito'y esensyal para sa kaligtasan. Kung walang pananampalataya, imposibleng masiyahan ang DIYOS sapagkat, bilang pampundasyong kasagutan ng tao sa DIYOS, ito'y humahantong sa pagsunod at sa pagkakumpleto ng sa DIYOS na layunin. Dahil sa pananampalataya kay KRISTONG dugo, tayo'y napapatawad, at ang pagka-makatwiran ay naigagawad sa atin. Handog ng DIYOS at bunga rin ng KANYANG Espiritu, ang pananampalataya ay napeperpekto sa pamamaraan ng mabubuting mga gawang sa DIYOS na itinadhana.

>>Roma 1:17; Hebreo 10:37-39; I Pedro 1:5, 9; Hebreo 11:1-6; Epeso 2:4-10; Roma 4:5, 9-13, 2-22; 5:8-11; I Corinto 12:4, 9; Roma 12:3; Galacia 5:22; Santiago 2:14-26; II Corinto 5:7.

PAGSISISI

Ang pagsisisi'y malalim na pagtitika ng isip at espiritu paibabaw sa taong espiritwal na kundisyon, kasukob ng resolusyong baguhin kung ano siya at ang [kanyang] ginagawa. Ang kabutihan ng DIYOS ay inaakay ang isang tao upang magsisi, na nagsisimula kung kailan ang DIYOS ay bigyang-kakayahan siyang makita ang kanyang sarili kahambing sa KANYA. Doon lang siya magkakaroon ng kakayang akuin na siya'y makasalanang nangangailangan ng kapatawaran. Ang pagsisisi ay unang hakbang sa pakikipagkasundo sa DIYOS. Ito'y nagpapakilos ng isang tao upang mangumpisal ng kanyang mga kasalanan, at may malalim na paghahangad, na mai-angkop ang kanyang buhay sa DIYOS na kagustuhan gaya ng inihahayag sa Eskripto. Ang pagsisisi'y nangyayari, di-lamang minsan, bagkus ay patuloy habang ang isang tao'y yumayabong sa kaalaman ng DIYOS.

>>Jeremias 17:9; Mateo 9:13; II Corinto 7:9-11; Roma 2:4; II Timoteo 2:25; Mga Gawa 20:21; Lukas 13:3, 5; Mga Awit 51; Marcos1:15; Lukas 24:47; Mga Gawa 2:37-38; 3:19; 11:18.

PAGBIBINYAG SA TUBIG

Ang pagbibinyag sa tubig ay sa pamamagitan ng pagtutubog matapos ang tunay na pagsisisi at pagtanggap kay HESUKRISTO bilang personal na Tagapagligtas. Ito'y nagsisimbolo ng kamatayan at pagkakalibing ng makasalanang sa kamatayan at pagkakalibing ni HESUKRISTO. Ang pag-ahon sa matubig na libingan ay nagsisimbolo ng KANYANG muling pagkabuhay. Sumisimbolo rin sa puripikasyon, ang pagbibinyag ay naghahanda sa isang tao upang tanggapin ang Banal na Espiritu. Kung kailan ang isang tao'y umahon mula sa kanyang matubig na libingan, siya'y dapat maging bagong nilalang, inaakay ng sa DIYOS na Espiritu upang mamuhay ayon sa DIYOS na daan.

>>Mateo 3:13-16; 28:19-20; Mga Gawa 2:38; 8:12-17; Roma 6:1-7; Colosa 2:12.

PAGBIBINYAG NG ESPIRITU

Ang pagbibinyag ng Espiritu ay naglalarawan ng pagtanggap ng Banal na Espiritu bilang pagpapanibagong buhay mula sa DIYOS AMA, inilalagay ang isang tao sa espiritwal na katawan ni HESUKRISTO, ang Iglesya.

>>Mateo3:11; I Corinto 12:13.

PAGBIBINYAG NG APOY

Ang pagbibinyag ng apoy ay nangangahulugan ng paglulubog sa Lawa ng Apoy. Ito ang pangalawa, at kung magkagayon ay walang hanggang kamatayan para sa wala nang pagbabagong mga napakasasama, na buong kagustuhan at palagiang nagwawaksi sa kaligtasan ng DIYOS AMA sa pamamagitan ni HESUKRISTO. Lahat ng lumapastangan sa Banal na Espiritu at nakagawa ng walang kapatawarang kasalanan ay mapupuksa.

>>Mateo 3:11-12; 12:13-32; Rebelasyon 20:14-15; 21:8; II Pedro 3:10-12; Malakias 4:1-3.

PAGLALAPAT NG MGA KAMAY

Isa sa pinaka-matanda sa pambibliyang mga ritwal, ang paglalapap ng mga kamay ay nagpapakilala ng ordinasyon o paghihiwalay. Ito'y isinasagawa ng naitadhana o na-ordenahang mga *elders* ng Iglesya sa pananalangin para tanggapin ang Banal na Espiritu kasunod ng pagbibinyag, para sa *anointing* ng maysakit, para sa ordinasyon sa isang tungkulin, para sa kasal, para sa pagbabasbas ng maliliit na mga bata, at para hilingin ang tanging mga handog mula sa DIYOS.

Ang kamatayan ay katunayang sa lahat na kapagkuwa'y kakaharapin, subalit ang pag-asa ng lahat ng mga KRISTIYANO at ang pangako ng AMA ay ang muling pagkabuhay mula sa kamatayan. Ang Bibliya'y payak na nagpapakilala ng dalawang mga tipo ng pagkabuhay na muli: mga tanging pagkahabag ng DIYOS nang KANYANG ipanumbalik ang mga tao sa pisikal na buhay, at ang espiritwal na muling pagkabuhay tungo sa walang hanggang buhay. Ang pinaka-kilalang nagkabuhay na muli ay ang kay HESUKRISTONG pananagumpay sa ibabaw ng kamatayan. Sa KANYANG pagbabalik, KANYANG bubuhaying muli ang mga santo tungo sa walang hanggang buhay. Matapos ang isanlibong taon ng KANYANG paghahari, KANYANG bubuhaying muli sa pisikal na buhay yung lahat na hindi nagka-opportunidad para sa kaligtasan. At sa huli, ang wala nang pagbabagong mga napakasasama'y pisikal na bubuhayin upang matupok sa Lawa ng Apoy.

>>Hob 14:14-15; 19:25-26; Daniel 12:2-3; Mateo 27:52-53; Marcos 5:35-42; Mga Gawa 9:40-41; 20:7-12; Juan 5:28-29; 11:20-24; I Corinto 15:3-8, 20-23,

51-52; I Tesalonika 4:13-17; Rebelasyon 20:4-6; Ezekiel 37:1-14; Rebelasyon 20:11-15; II Pedro 3:10-12.

WALANG HANGGANG HATOL

Ang sa indibidwal na hatol ay nangyayari sa buong panahong ng kanyang oportunidad para sa kaligtasan. Nagsisimula sa DIYOS na pagbubukas ng sa indibidwal na isip upang makaunawa sa KANYANG daan ng buhay, ang paghatol ay umaabot sa katapusan ng kanyang buhay, at ang mga ibubunga noo'y walang hanggan. Ang DIYOS ay tumitingin sa puso, mahabaging hinahatulan ang isang tao batay sa kanyang saloobin, sa kanyang kaalaman tungkol sa DIYOS at sa KANYANG daan, sa kanyang aplikasyon ng anumang kanyang nauunawaan, at sa kanyang personal na relasyon sa AMA at sa ANAK. Sa pamamagitan ng ganitong paghatol, ang DIYOS ay nakakapagpasya kung sino ang maisasama sa KANYANG Pamilya. Ang karamihan sa sangkatauha'y tatanggap ng handog na walang hanggang buhay, at yung kaunti na tandisan at buong kagustuhang magwawaksi sa DIYOS na kaligtasan ay hindi na. Ang paghatol ay nahahati sa tatlong malawak na mga kapanahunan: buhat kay Adan hanggang kay KRISTONG pagbabalik, ang isanlibong taon ng paghahari ni HESUKRISTO, at ang panahong kasunod ng Millennium kung kailan yung lahat na hindi nagka-opportunidad para sa kaligtasa'y muling bubuhayin sa pisikal na buhay.

>>Hebreo 6:2; I Samuel 16:7; Hebreo 9:27; I Pedro 4:17; Roma 2:16; Mga Gawa 10:42; Juan 5:26-30; Roma 14:10-12; II Corinto 5:10; Mateo 11:20-24; 12:41-42; Ezekiel 37:12-14; Rebelasyon 20:5-6, 11-14.

PAGPUNTA SA PERPEKSYON

Ang DIYOS ay may intensyon na ang kumbersyon ay maging proseso ng pagyabong na ang tinutungo'y maging katulad ni KRISTO. Sa proseso'y kasali ang pagpapahinuhod sa DIYOS na pangungunahan ng KANYANG Espiritu upang maiwaksi ang pagiging materialistiko, pagiging makasarili, masasamang mga ugali ng kaasalan, at masamang mga saloobin. Kapital ng mga ito, ang DIYOS ay nagnanais ng pagyabong ng mga bunga ng Espiritu, espesipiko ang pag-ibig sa DIYOS at sa mga kapatid (*brethren*). Ang doktrinang ito'y sumasaklaw sa malaking bahagi ng pang-asal na mga pagtuturo, pagtutuwid, panghihimok, at tagubilin ng Bibliya.

>>Hebreo 6:1; 5:10-12; Mateo 5:48; Hebreo 2:10; 5:9; 13:21; Santiago 1:4; II Corinto 13:9; I Pedro 2:2; II Pedro 3:18; Epeso 4:7-15.

SABBATH

Ang Sabbath ay regular na paulit-ulit na banal na araw, at ang pangangilin dito ay saligan ng sa Kristiyanong relasyon sa DIYOS. Nang SIYA'y mamahinga noong ikapitong araw ng paglikha, ang

DIYOS ay inihiwalay ito, muling pinagtibay ito sa Israel sa parang sa pamamagitan ng pagbibigay nito bilang ika-apat sa Sampung Utos doon sa seksyon na kay HESUS na nilagom bilang pagpapakita kung paano iibigin ang DIYOS. Idolatriya at paglabag sa Sabbath ang malaking sanhi ng sa Israel na pagbagsak. Si HESUS, ang PANGINOON ng Sabbath, ay malinaw na nagturong ang Sabbath ay ginawa para sa tao. SIYA at ang KANYANG mga apostol ay ipinangilin ito, at di-kahit saan ito pinawalang-bisa kahit sa pamamagitan ng utos o halimbawa sa Bagong Tipan. Ang mga propeta'y nagpakita ng Sabbath na ipinangangilin kasunod ng kay KRISTONG pagbabalik.

>>Genesis 2:1-3; 26:5; Exodo 16:4-30; 20:8-11; 31:13; Levitico 23:1-3; Deuteronomio 5:12-15; Mateo 22:37-40; Ezekiel 20:12-16; 20, 24; Marcos 2:27-28; Lukas 4:16; Mga Gawa 17:2; 18:4, 11; Hebreo 4:4-10; Isaias 58:13-14; 66:22-23; Ezekiel 45:3-4, 12.

TAUNANG MGA KAPISTAHAN

Pitong taunang banal na mga araw, kagaya ng lingguhang Sabbath, ay itinadhana ng DIYOS at iniutos na ipangilin bilang banal na pagtitipun-tipon ng KANYANG mga tao. Ang KANYANG kasundong mga taong Israel at ang Bagong Tipang Israel ng DIYOS, ang Iglesia, ay ipinangilin ang mga ito. Si HESUS at ang KANYANG mga apostol ay ipinangilin ang mga ito, at ang mga ito'y hinulaang maipapangilin kasunod ng kay KRISTONG pagbabalik. Ang banal na mga araw ay mga Sabbath subalit pwedeng maganap anumang araw ng sanlinggo. Kung ang may maganap nang lingguhang Sabbath, ang banal na araw ang mangunguna. Bawat kapistahan ay may natatanging kahulugan, isinasalarawan ang importanteng hakbang ng sa DIYOS na plano para sa tao, at ang turo sa araw na iyon ay sumesentro sa kahulugan nito sa DIYOS na layunin. Ang mga kapistaha't banal na mga araw ay ang *Passover*, isang kapistahan ngunit hindi banal na araw; ang pitong Araw ng Tinapay na Walang Lebadura, na ang una't huli'y banal na mga araw; *Pentecost*; Kapistahan ng mga Trumpeta; Kapistahan ng Pagtitika; ang pitong araw na Kapistahan ng mga Tabernakulo, na ang una ay banal na araw; at ang Huling Dakilang Araw.

>>Exodo 12:1-17; 23:14-17; Levitico 23:4-44; Mateo 26:17-18; Juan 7:1-39; 13:1-17; Mga Gawa 2:1; 18:21; 20:16; I Corinto 5:7-8; 16:8; Ezekiel 45:17-25; Zacarias 14:16-19.

PAGPAPAGALING

Ang pang-DIYOS na pagpapagaling, batay sa KANYANG pangakong magpagaling, ay isang gawa nang pagkahabag mula sa DIYOS. Bagama't ang DIYOS mismo ang pumipili ng panahon ng pagpapagaling, ang KANYANG pamamagitan para sa taong kapakanan ay depende sa tiyak na mga

kundisyon: Pagtitiwala sa KANYANG pangako at kapangyarihang gawin anumang KANYANG ipinangako kung kailan NIYA pipiliing gawin iyon. Pananampalataya sa sakripisyo ni HESUKRISTO, kinakatawan sa *Passover* ng pira-pirasong tinapay, isang simbolo ng KANYANG nawasak na katawan, at ng alak, isang simbolo ng KANYANG nabuhos na dugo. Pagsisisi, kung saan possible, mula sa mga kasalanang marahil ay may kinalaman sa pinagmumulan ng pangkalusugang problema. Pag-unawa na, sapagkat ang DIYOS ay mahal tayo at nakakaalam sa lahat ng bagay, ang paggaling ay igagawad sa buhay na ito lamang kung ito'y nasa pinakamabuting interes ng sa DIYOS na layunin. Ang mga dakilang bayani ng pananampalataya'y nangamatay, ngunit sila'y pagagalangin sa *resurrection* at bibigyan ng espiritung *immortal* na katawan na di-na kailanman mamamatay.

>>Exodo 15:26; Mga Awit 103:2-3; Mateo 9:27-30; I Pedro 2:24; I Corinto 11:23-30; Mateo 8:16-17; Isaias 53:4-5; Marcos 16:15-18; Santiago 5:14-16; Hebreo 9:27; 11:13-16.

IKAPU AT MGA PAG-AALAY

Ang daigdig at lahat ng yamang-gamit nito'y sa DIYOS, subalit KANYANG may kabaitang pinapayagan tayong gamitin ang mga ito. Para sa anumang KANYANG naibibigay sa atin, tayo'y may pinansyal na obligasyon sa KANYA, at sa pamamaraan ng sistemang mga ikapu (*tithes*) at mga pag-aalay (*offerings*), ang responsibilidad na yun ay nagagampanan. Ang Matandang Tipan ay nagpapakilala nito bilang naitatag na at nagpapatuloy na ugaliin. Sa huli, ito'y naisa-kodigo bilang bahagi ng sa DIYOS na batas na ibinigay sa Israel sa kaparangan, at pinamahalaan ng mga Levita hanggang sa pagkawasak ng Templo. Nang sabihan ang mga Levita tungkol sa kanilang mga responsibilidad, si HESUS ay nagpatunay sa ganitong ugaliin. Sa pamamagitan ng apostol Pablo, ang Bagong Tipang Iglesia'y nagpatunay na ang ministri at ang gawain ng Iglesia'y pinansyal na susupportahan ng mga indibidwal na miyembro. Ang DIYOS ay hindi nagbago ng ikapung sistemang KANYANG itinalaga bago pa kay Abraham, ngunit yun lang pamamahala ng Bagong Tipang ministri [ang naging pagbabago]. Ang pagbibigay ng mga ikapu at mga pag-aalay ay isang akto ng pagsamba sa DIYOS. Ang pag-iikapu ay pagbibigay ng sampung bahagdan o porsyento ng kinikita, at ang mga pag-aalay ay ibinibigay ayon sa indibidwal na pagsukat

kung ano ang kanyang kaya. Ang Iglesia ay hindi nagpapatupad o tila pulis ng ikapu, bagkus ay nagtuturo na obligasyon ng indibidwal na magbigay-dangal sa DIYOS gamit ang kanyang yaman at mga unang bunga na sa kanya'y napadagdag.

>>Genesis 1:26-27; Mga Awit 24:1; 104:24; Deuteronomio 8:18; I Corinto 10:25-28; Mateo 6:19-21; Genesis 14:18-20; Levitico 27:30; Mga Bilang 18:24; Deuteronomio 14:22-28; 16:16-17; Mateo 23:23; Lukas 16:10-13; 21:1-4; II Corinto 9:6-7; Hebreo 7:1-10; II Corinto 3:3-7; Mga Gawa 5:1-5; 4:34-35; I Corinto 9:1-14; Malakias 3:8-12; Mga Kawikaan 3:9-10.

PAGKAKAKILANLAN SA ISRAEL

Ang sa DIYOS na walang pasubaling pangako kay Abraham, pinatunayan ni HESUS, ay kasama ang grasya at lahi: espiritwal na kaligtasan at walang hanggang buhay sa pamamagitan ng grasya na daraan kay HESUKRISTO, at pambansang kaunlara't kasaganaan para kay Abraham na mga inapo. Ang kanyang mga inapo, kaapu-apuhan ni Jacob (Israel), ay nagsiyabong na't naging mauunlad na mga bansa sa huling mga araw na ito. Ang DIYOS ay nangako kay David na ang kanyang trono'y laging iiral at si KRISTO'y ookupa sa tronong yun sa KANYANG pagbabalik. Sapagkat yun ay dapat umiiral nang patuloy sa daigdig, ang natitira lamang na tronong kapareho ng sa DIYOS na pangako sa lahat ng modernong mga bansa ay naroroon sa Gran Britania. Ang labindalawang pamilya ng matandang Israel ngayon ay nakakalat sa hilaga't kanlurang Europa, sa estadong Israel, at sa Ingles ang salitang mga bansa ng Amerika at British Commonwealth. Si Jose at si Judah sa kasaysayan ay naging dominanteng mga tribu. Bagama't ang kaalaman tungkol sa pagkakakilanlan sa Israel ay hindi esensyal sa kaligtasan, ito magkagayunman ay nagdudulot ng malaking kalinawan sa pag-unawa ng pambibliyang hula. Ito ay di-naman nagpapahiwatig ng sa lahing kahusayan, bagkus ay sa kabaligtaran, nagpapataw ng mahigit na responsibilidad.

>>Genesis 12:1-3; 13:14-16; 17:2-8; 24:60; 25:29-34; 26:2-5, 24; Roma 4:13; Genesis 27:27-29; 35:9-13, 23-26; 48:1-22; 49:1-33; Deuteronomio 33:1-29; II Mga Hari 17:18-24; II Samuel 7:8-16; ; Mga Awit 89:19-37; Jeremias 33:14-26; I Mga Pagtatala 5:2; Deuteronomio 7:6-11; Lukas 12:48; Roma 11:1-29.

